Tagalog
62-0706

# Jehovah Jireh, Ikalawang Bahagi

Jehovah-Jireh #2

06.07.1962
Grass Valley, California, USA

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

# Jehovah Jireh, Ikalawang Bahagi

1 Mayroon ako ritong ilang Kasulatan at isa o dalawang talang nakasulat dito na nais kong iwan — iwan sa inyo. Ngayon, bago natin gawin iyan, manalangin tayong muli sumandali.

Ama, dalangin namin na nawa ay kunin Mo ang Iyong Salita. Ang Salita Mo ay Katotohanan, at sinabi ng Biblia, si Jesus ang nangungusap, ang sabi Niya, ang Salita ay ang binhing ihinasik ng tagapaghasik. Ngayon, napapagtanto naming kung ang binhi ay mabuting binhi, ito'y nagkakabuhay. At kung ang binhing iyon ay — tumupad sa balakin nito sa — sa kalooban ng Diyos, kung magkagayo'y ito ng isang binhing may buhay. At nang si Jesus ay nasa lupa pa, Siya ang Punong-baging na iyon, at ang Binh ing inihasik Niya ay ang Kaniyang Salita. At alam naming binibigyang buhay Ito ng Sarili Nitong Buhay.

2 At alam nating ang, isang binhi kapag nahulog sa tamang uri ng lupa, hindi sa batuhan, kava't hindi nag-ugat, hindi rin naman sa mga tinik at dawag na siyang sasakal dito di kalaunan, kundi sa mabuti, mayaman, matabang pananampalataya: bawat binhi ay mamumunga ng ayon sa uri nito. At alam naming ang pinakabinhi, o pangako ng Diyos, ay mamumunga ng ayon sa uri nito — kung ano ang ipinangako nito. Kung mahuhulog ito sa tamang lupa, ang lupang inihanda, nakahanda, naitapon nang lahat ang mga bato, at ang mga ugat, at ang mga kapaitan, at karamutan, at pagwawalang bahala, at ang inggit ay naiwaksi nang lahat. . . Ang ugat ng kapaitang sumisibol, iyan kung minsan ang sumisira sa bagay na pinagsisikapang gawin ng Diyos. Dalangin namin, Diyos na nawa'y hindi mangyari iyan sa aming kalagitnaan, bagkus ay makasumpong nawa ang mabuting Salita ng mabuting lupa.

At ang mga bagay na ito, habang sinusubaybayan namin ang dakilang patriyarkang si Abraham sa aral in namin ngayong gabi, nawa ay makita namin ang aming posisyon, nalalaman naming kami ay mga anak ni Abraham sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo. At kung magkakagayon ay kunin Mo ang kaluwalhatian para sa Iyong Pangalan at karangalan, sapagkat hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen ... ? ...

3 Medyo magbabalik-aral taro nang kaunti nczayong.gabi tungkol sa araling ipinangusap natin kagabi. lyon ay nang masumpungan natin si Abraham, mu la sa ikalabingdalawang kabanata ng Genesis . . . Ang totoo, nabanggit ang pangalan niya sa ikalabing-isang kabanata, nang manaog ang kaniyang ama mula sa Babi Ionia, ay nanirahan s i la sa — sa Ur, dito — sa lupain ng mga Chaldeo. At makikita rin natin, na tinawag ng Diyos si Abraham, na isang karaniwang taong nagngangalang Abram. Hindi pa siya

Abraham noon, at - at si Sarai - Sarai - hindi pa Sarah si Sarai noon. Kaya't makikita natin, na ang Sarai at Sarah ay dalawang magkaibang pangalan, at ang Abram at Abraham ay dalawang magkaibang pangalan. Ngayon, makikita natin dito na, dinala natin siya kagabi haggang sa pagpapatunay, kung saan ay pinagtibay ng Diyos ang tipan sa kaniya-kung paanong pinatunayan Niya kay Abraham na tutuparin Niya ang Kaniyang pangako. Matatagpuan iyan sa ika-1 5 kabanata ng Genesis kung paanong .. .

4 At tinawag si Abraham pagsapit ng gabi upang itumba, katayin ang isang baka, o isang, dumalagang baka, at isang babaeng kambing, at isang lala king tupa. At tinalakay natin iyon kagabi, kung paanong ang dalawang habae at isang lalaki. at ang dalawang kalapati, o batubato at kalapati (na kabilang sa iisang pamilya), at kinuha natin ang mga kinakatawan nito, na sa tuwina ay kumakatawan iyon sa kagalingan, na hindi nagbago kailan man. Noon pa man ang kagalingan ay nakakamit sa pamamagitan ng pananampalata a. Ngunit ang pakikipagkasundo, anupa't nahati ito mula sa buhay ng hayop tungo sa buhay ng tao.

Ngayon, sa Lumang Tipan kapag ang nananambahan ay dumulog na may dalang dugo . . . Kinakatagpo ng Diyos ang tao tanging sa nabubong dugo (Kita n'yo?), doon lamang at tanging doon lamang. Hindi ka Niya kakatagpuin sa iyong kredo. Hindi ka Niya kakatagpuin sa iyong edukasyon. Kakatagpuin ka Niva sa silong ng dugo. Doon lamang. Ang buong Israel ay sumamba sa silong no. dugo.

5 At makikita rin natin doon, na nakita natin kung ano, sa tala ng kasaysayan, kung ano - kung paanong nakikipagtipan ang mga tao noon. At nakita natin ang nakaaa« ian sa silangan, at ang iba't-ibang pamamaraan ng pakikipagtipan, at kung paanong ang sa atin ngayon ay ang pakikipagkamay, at iba pa, at sinasabi natin, -Selyuhan na." At ang mga Hapones naman ay nagsasabuyan ng asin bilang pakikipagtipan.

At - at sa aking paglalakbay sa buong mundo, at makikita ninyo sa kalakhan ng sanlibutan na ang kalagayan nito ay gaya pa rin ng sinaunang gawi, lalo na sa silanganan at sa silangan. Nagiging bagong Aklat ang Biblia mo. Kung makakarating kayo sa Silangan, hinding hindi kayo .. . Doon sa Jerusalem, Palestina, doon, ika'y . . . Ang Biblia ay nasulat sa isang . Mga taong Ingles kasi tayo rito, at pinipilit unawain ng mga taong kanluranin ang isang Ingles na aklat. Kaya't sadyang napakahirap. Kung babalik kayo roon, matutuklasan ninyong ang kasalan at ang lahat ay parehong pareho pa rin noong panahon ni Cristo. Maraming bagay doon ang hindi nabago sa kanilang mga kostumbre at pamamaraan.



Naiwala na ni Satanas ang kaniyang pagkakahawak. Nawa ang kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa Lahat ay magpagaling sa bawat isa.

mula sa kanila, at magkaroon nawa sila ng sigasig na makita ang iba na naliligtas na dating gaya rin nila ang Kalagayan. Itulot Mo po, Panginoon.

Ang tanging maaari naming gawin, Panginoon, ay ang sumampalataya. At nagsitayo sila bilang bantayog ng kanilang pagsampalataya. At ngayon sa pamamagitan ng pinagsanib na pananampalataya namin, inilalapag namin ito sa Iyong altar sa pamamagitan ng pananampalataya. At sila ang haing

nakalapag diyan na naghihintay na tanggapin sila ng naihandog na Anak ng Diyos sa Kaniyang kaharian. Itulot Mo po ito, Panginoon. Ngayon din nawa ay maging Iyo sila, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

97 Ngayon, kayo na nagsisisampalataya sa Kaniya nang taos sa inyong puso, na nagsitayo, itaas ninyo ang inyong mga kamay, sabihin n'yo, "Sumasampalataya ako sa Kaniya. Tinatanggap ko Siya sa oras ding ito bilang aking Manunubos, at hinahangad ko ang Bautismo ng Espiritu Santo." Itaas ninyo ang inyong kamay. Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon, maaari na kayong maupo. Nais kong magsimba na kaagad kayo sa isang iglesia.

Bukas ng gabi ay magdaraos tayo ng gawain para sa bautismo ng Espiritu Santo: bukas ng gabi, dito mismo sa gusaling ito. Ngayon, napakaraming panatisismo ngayon na ang tawag nila ay bautismo ng Espiritu Santo, ngunit hindi ibig sabihin niyan na walang tunay na Espiritu Santo; may totoong tunay na Espiritu Santo ng Diyos, kah it pa nga gano'n. At nan in iwala akong kakatagpuin Niya tayo rito bukas ng gabi.

98 Ngayon, ilan ba sa mga nasa loob ng gusaling ito ang kumbinsido na nasa huling panahon na tayo? Ilan ba ang kumbinsidong katotohanan nga ito, na magkakaganito nga ang Sal ita sa mga huling araw? Itaas ninyo ang inyong mga kamay. Ilan ba sa inyo ang mananampalataya? Ikaway ninyo ang inyong mga kamay. Mabuti. Ipinangusap ni Jesus ang mga Salitang ito: "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya," kung ikaw ay mananampalataya. Ngayon, ilan ba ang nangangailangan kay Cristo sa inyong mga kataw an? Itaas ninyo ang inyong mga kamay. Mabuti. Kayong mga mananampalatayang nakatayo sa tabi nila, ipatong ninyo ang inyong mga kamay sa isa't-isa. At kung paano kayong manalangin sa inyong iglesia ay gayon kayong manalangin dito. Huwag ninyong idadalangin ang inyong sarili. Sila ang ipanalangin ninyo; idadalangin naman nila kayo. At ang sabi ng Biblia, "Ipapatong nila ang mga kamay nila sa maysakit; sila'y magsisigaling." Ngayon, manalangin kayo sa paraang nais n'yo at taglay ang pangako.

Panginoong Jesus, Iyo po sila. Tanggapin Mo sila sa Iyong Kaharian. At pagalingin Mo ang bawat isa, Panginoon, na madadaitihan ng mga panyong ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Itulot Mo po, Panginoon.



6 At ngayon, dito ay makikita natin na kapag nakikipagtipan sila noong mga panahong iyon, i — isinusulat nila iyon sa kapirasong katad ng tupa o sa balat. Pagkatapos ay papatay sila ng hayop, at saka sila tatayo sa pagitan ng mga piraso nito, at hahatiin nila ito — ang — ang kanilang tipan — sa dalawa — ang kanilang mga salita, pupunitin iyon sa dalawang ganiyan. [Pinun it ni Brother Branham ang papel —Ed.] At kapag pinagdikit ang mga ito, dapat ay lapat na lapat ang mga ito, ang mga piraso ring iyon — ay kailangang magtagpo mama akmang-akma bawat piraso, upang hindi ito makopya.

7 Kaya nga, nakita natin sa aralin natin kagabi kung ano ang ginawa ng Diyos upang patunay an kay Abraham ang Kaniyang tipan. Ngayon, si Abraham . . . Ang pangako ay ipinangako kay Abraham at sa kaniyang magiging binhi: hindi lang kay Abraham kundi pati na sa kaniyang binhi. Ngayon, ngayon, ang binhi, ang natural na binhi ni Abraham ay si Isaac. Ngunit ang espirituwal na Binhi ng pananampalataya ni Abraham ay si Cristo. Hindi sa pamamagitan ni Isaac pagpapalain ang buong mundo, kundi sa pamamagitan ni Cristo, ang makaharing Binhi, ay pinagpala ang buong mundo. Sapagkat namatay Siya para sa lahat ng tao, lahat ng bansa at lahat ng mamamayan.

8 Ngayon, makikita rin natin sa tipang ito, na ipinakita Niya roon kung ano ang gagawin Niya, kung paanong hahapakin ng Diyos si Cristo Jesus, at itinaas ang katawan at ngayo'y nakaluklok sa kanan ng Diyos sa karangyaan sa kaitaasan, at ang Espiritu ni Cristo ay dinala naman sa ibabaw ng lupa.

Ngayon, kung may oras sana tayo, mapapatunayan n'yo na alin mang bahagi ng Kasulatan, ay tumutugma sa kabuuan ng Biblia. Kung hindi, i big sabihin ay mayroong mali. Ang Luma ay anino lamang ng Bago, inaanino ito. At kung makukuha mo ang anino, masasabi mo na kung ano ang nasa Bago. Kaya't naroroon Siya noon, ngayon, at sa hinaharap.

9 Ngayon, ang Espiritu ni Cristo ay nagbalik sa iglesia, tinupad nga nitong muli ang Juan 15 kung saan ay sinabi Niya, "Ako ang Puno; kayo ang mga sanga." At muli, sa Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya": ang kaparehong mga gawa, parehong bagay sa kabuuan ng Kasulatan. "Kung kayo'y mananatili sa Akin at ang Aking Salita ay mananatili sa inyo, hilingin ninyo ang maibigan ninyo at ipagkakaloob sa inyo." Maraming bagay na (sinalita ni) Cristo ... "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan (Ang salitang sanlibutan' dito, ang salitang Griegong 'cosmos,' na nangangahulugang `kalakaran ng sanlibutan.') — hindi na ako makikita ng sanlibutan. Gayon man ay makikita ninyo Ako sapagkat Ako (ang `Ako' rito ay isang panghalip na panao.), Ako'y sasainyo, at mananahan sa inyo hanggang sa wakas ng

sanlibutan," kaya nga si Jesus ay Siya rin kahapon, ngayon, at magpakailan man.

10 Siya — Siya — Siya ay nananatili. Nagbangon Siya mula sa mga patay. "Ang sanlibutan (ang hindi sumasampalataya), hindi na nila Ako makikita." Hindi nila iyon makikilala, ngunit makikilala Siya ng mananampalataya, dahil Siya pa rin ang dating Jesus. Hindi pa rin Siya nagbabago: siya pa rin kahapon, ngayon. at magpakailan man. At ako'y ... At ang Salita, maraming tao ang nagpipilit magsabing hindi ito kinasihan.

11 Ngayon, may gusto akong sabihin dito. Ngayon, bigla na lang sumagi sa isip ko at ... Hindi ako naniniwalang ang pulpito ay ginawa para sa mga pagbibiro. Hindi ito ang lugar para magbiro. Dapat ay kataimtiman ang naririto. At dahil nakikita na natin ang pagpapakita ng Panginoon; dapat ay lalo tayong maging sinsero.

Ngunit may nagkuwento sa akin kamakailan tungkol sa isang kabataan at . . . Nangyari ito sa Boston. At lumayo siya. Mabait ang kaniyang ina: unang-una. sa pas imula ng kuwento. At tiyak ng ina na may pagkatawag sa kaniyang buhay ang anak niya upang maglingkod sa Panginoon. At maka — makakatulong iyon sa sinumang ina. Oh, sa sinumang tunay na ina, ang malamang ang kanilang anak. na pinarangalan sila ng Diyos ng isang anak na mangangaral ng E ban ghelyo, maituturing itong isang mabuting bagay sa buhay ng sinumang, ina.

12 Kaya't ang abang ina ay nagsikap na gawin ang abot ng kaniyang makakaya, pinag-aral niya siya, sa isang seminaryo upang makapagtapos siya ng — ng B.A.

At habang wala siya, nagkasakit nang malubha ang kaniyang ina. Kaya't siya, gaya ng gawi ng sinumang Cristiano, tumawag siya ng duktor. At ang duktor Malalang kaso ng pulmonya ang naging sakit niya, at ginawa na ng duktor ang lahat ng magagawa niya para sa kaniya u — upang masugpo ang pulmonya, at walang mangyari. Binigyan na niya siya ng gamot na sulfa, penicillin at iba pa u — upang mapuksa ang mikrobyo. At wala iyong epekto. Lumala nang lumala ang ina niya.

Kaya't nagpasabi sila sa anak niya, na noon ay naroon sa Asbury, Kentucky, sa Wilmore College, upang umuwi siya upang tingnan niya siya sapagkat naghihingalo na siya. At kinabukasan nang paalis na ang binata, nakatanggap sila ng telegrama, "Umigi na ang iyong ina. Hintayin mo muna ang kasunod na pasabi."

13 Makalipas ang isang taon ay nagkaroon ng pagkakataon ang ina na makita ang kaniyang anak. Umuwi siya upang magbakasyon, at nagpahinga



ang nagpapatibay na naririto nga Siya. Kita n'yo? "Ako'y sasainyo, at mananahan sa inyo, hanggang sa wakas ng sanlibutan."

95 At nais n'yo ng habag mula sa Kaniya ngayon, maaari bang tumayo kayo sa pananalangin? Sa kabuuan ng gusali, kayo, nasaan man kayo, tumayo lang kayo. Pagpalain kayo ng Diyos diyan sa pinakalikuran. Ganiyan nga, manatili lang kayong nakatayo. Magsitayo lang kayo; Iyan lang ang nais kong gawin ninyo. Tumayo lang kayo sandali upang manalangin. Kung maninindigan kayo para sa Kaniya ..Kung ikahihiya ninyo Siya, ikahihiya rin Niya kayo sa harap ng Ama. At kung — kung handa mo Siyang ipahayag ngayon, ipahahayag ka rin Niya sa harap ng Ama. "Nais ko nang tanggapin si Cristo bilang Tagapagligtas ko. Nais kong puspusin Niya ako ng Kaniyang Espiritu ngayon din. Nais kong Kaniyang ..." Manatili lang kayong nakatayo sandali para sa panalangin, kung mamarapatin n'yo. Magsitayo kayo. Tama. Nais kong Pinangungunahan ako na gawin ito, ang tumawag ng . . . Ito'y isang panawagan sa altar. Magsitayo kayo. Wala tayo ritong altar na maaari ninyong dulugan. Ang puso ninyo ang altar. Haw̄iin lang ninyo ang lahat ng pag-aalinlangan at alamin ninyong naririto Siva ngayon. Magsitayo kayo, kayo na nais magsitanggap kay Cristo sa oras ding ito, sa makalangit na Presensiyang nadarama ninyong nabibindika ngayon. Ngayon ay magsiyuko tayo.

96 Panginoong Jesus. Iyo po ang mga ito. Sinabi Mo na, "Walang sinumang makalalapit sa Akin malibang palapitin Siya sa Akin ng Ama." At ngayon, ayon sa agham ay ni hindi nila magagawang itaas ang kamay nila. Ang batas ng grabitas on av nagsasabing kailangang lumaylay ang mga kamay namin. Ngunit may buhaN silang taglay, at ang buhay na iyon ay nailapit sa Buhay na Walang Hanggan. si Cristo. At nagdesisyon sila sa kanilang mga puso na tapos na sila sa sanlibutan. At itinaas nila ang kanilang mga kamay at nagsitayo sila. sinusuway ang batas ng grabitasyon, dahil may buhay silang taglay. Sinusuwa din naman namin ang batas ng sanlibutan at ng kawalan ng pananampalataya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, Iyo na po sila. Sila po ay mga kaloob ng pag-ibig ng Ebanghelyo. Sila ay mga bantayog ng mensahe sa gabing ito at ang — Iyong dakilang Presensiyang kasama namin ngayon. Ilagav Mo po ang mga pangalan nila doon sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Panginoon, dalangin namin — na ang bawat isa sa kanila ay maparoon bilang Iyong mga anak, Iyong minamahal. Puspusin Mo ng Espiritu Santo ng Diyos ang kanilang mga puso. Nawa ay makargahan ang buhay nila ng kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. upang ang pagpapakumbaba, at pag-ibig, at kabaitan, at mabuting kalooban ay dumaloy

kaniya, singtiyak ... Mrs. Hood, sumampalataya ka nang taos sa puso mo na pagagalingin ka ni Jesus Cristo, at mapapasaiyo ang hinihiling mo. Ngayon, sasampalatay anan mo ba ito nang taos sa puso mo? Amen.

Nakaupo sa tabi mo ang isang binibining may sakit sa tiyan, sakit sa puso, mga kumplikasy on. Kung sasampalataya ka nang taos sa iyong puso ay tatanggapin mo ang iyong kagalingan. Sumasampalataya ka ba nang taos sa iyong puso at tinatanggap mo ba? Tinatanggap mo? Mabuti.

Ang lalaking iyan na may hemorrhoids, naniniwala ka bang kayang pagalingin ng Diyos ang hemorrhoids na iyan at paiigihin ka Niya? Tumayo ka.

Ano'ng sumagi sa isip mo, ikaw na nakaupo sa tabi ng lalaking may hernia? Naniniwala ka bang kayang pagalingin ng Diyos ang herniang iyan at paiigihin ka Niya?

Ang binibining katabi mo ay sumasakit ang ulo. Wala na iyan ngayon, hindi ba? Kita mo, ang pananampalataya mo ang may gawa niyan. Iyan lang ang kailangan ninyong gawin, ang sumampalataya lamang.

93 Narito ang isang babaeng may diabetes. Naniniwala ka bang mapapagaling ka ng Diyos, binibini, ikaw na nakaupo riyan na may diabetes? Naniniwala ka bang magagawang sabihin ng Diyos sa akin kung sino ka? Naniniwala ka? Miss Robison, iyan ang pangalan mo. Ipatong mo ang kamay mo sa lalaking may hernia. Marahil ay pagagalingin din Siya ng Diyos. Kung sasampalataya ka, sasampalataya ka nga ba? Sige po.

Ang babaeng nakaupo sa tabi mo, ipatong po ninyo ang kamay ninyo sa kaniya. Mayroon siyang sakit na neuritis. Naniniwala ka bang pagagalingin ng Diyos ang neuritis mo at iigi ka na? Kung naniniwala ka, tanggapin mo rin ang kagalingan mo. Kailangan mong sumampalataya.

94 Ngayon, iyan ang kumpirmasyon. Nangako ang Diyos. Ngayon, ilan ba ang naniniwalang naririto si Cristo? Naniniwala ba kayo? Ngayon, lahat kayo na nagnanasa, nasa Presensiya Niya tayo ngayon, naghahangad ng habag mu la sa Kaniya, naghahangad ng habag para sa inyong kaluluwa, at nais ninyo Siyang tanggapin ngayon habang naririto kayo sa Kaniyang Presensiya, ipinakikilala .

Ngayon, Ako ... Maaaring may lalaking pumasok dito na may pilat ng pako ang kaniyang, mga kama).. at sasabihin niya, "Ako ang Panginoon." Kahit sinong mapaapaimbabav, ay makagagawa niyan, ngunit ang Bu- hay ... Ang katawan ng Panginoong Jesus ay nakaupo sa kanan ng Kaniyang Kabunyian. Kapag dumating na Siya, wala nang panahon kapag nagbalik na ang Katawang iyon sa ibabaw ng lupa. Ngunit ang Espiritu Niya ay naririto. Ang Buhay Niya



siya sa pag-aaral. At ang sabi niya, "Inay, nabalitaan ko na umigi ka na," makaraang makapag-usap sila nang kaunti gaya ng gawi ng isang mag-ina. Ika niya, "Hindi ko maunawaan kung ano'ng gamot ang ginamit ng duktor upang mabago ang iyong - umigi kaagad ang kalagayan mo."

At ang sabi niya, "Anak. hi—hindi gano'n ang nangyari." Ang sabi niya, "Alam mo naman kung nasaan ang bahay-misyon dito sa kalsada natin, ang mga taong iyon doon na . . .-

Ang sabi, "Oo, natatandaan ko."

Ang sabi, "May isang babaeng nagsabing nadama raw niyang pinangungunahan niyang pumarito, at tanungin ako kung maaari ba niyang papuntahin ang pastor niya upang maipanalanangin ako. Kaya't sinabi ko sa kaniyang walang masama, kaya . . ." Aniya, "Nagpunta rito ang pastor at binasa niya sa Biblia, `Mayroon bang maysakit sa inyo, ipatawag niya ang mga matatanda, papahiran nila sila ng langis, ipapanalangin sila. Ang panalanging may kalakip na pananampalataya ang magliligtas sa maysakit.'" At aniya, "Alam mo, binasa niya iyon sa Kasulatan. At ipinanalangin niya ako at pinahiran ako ng langis. At kinabukasan ay umigi na ako kaagad at pinayagan na ako ng duktor na maupo; at sa loob lamang ng dalawang araw ay magaling na ako."

14 "Buweno," ang sabi niya.. .

Ang sabi niya, "Oh, purihin ang Panginoon." Sabi pa niya, "Anak, dapat mong . . .-

Ang sabi niya, "Inay, kagaya ka na rin ng mga taong iyon kung umasta." Ang sabi, "Makinig ka. inay." Aniya, -Napag-aralan namin sa eskuwela na iyong binasa niyang iyon, ang ikalawang Kasulatang binasa niya ay ang Marcos 16, kung saan ang sabi, `Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya; ipapatong nila ang mga kamay nila sa maysakit at sila'y magsisigaling.'" Ang sabi, "Napag-aralan namin sa eskuwela na ito palang Marcos 16, mula sa ikasiyam na talata ay hindi kinasihan." Aniya, "Hindi kasi nag-aaral ang mga taong iyon. Karamihan sa kanila ay walang pinag-aralan, mga illiterate sila." Dagdag pa niya, "Maganda marahil ang hangarin nila, walang duda," ngunit aniya, "napag-aralan kasi namin sa eskuwela na simula sa ikasiyam na talata, idinagdag na lang pala iyon, marahil ng Vatican o ng kung sino." Ngunit aniya, "sapagkat ang bahaging iyon ay hindi kinasihan."

Napasigaw ng malakas na "Aleluia!" ang ina.

Kaya't ang sabi niya . . . Ang sabi niya, "Inay, buweno, bakit ka napasigaw nang ganiyan?"

Aniya, "Naisip ko kasi, anak. Kung napagaling ako ng Diyos sa salitang hindi kinasihan, ano pa kaya ang magawaNiya sa totoong kinasihang Salita?" Kaya a—ako'y . .

15 Kaya tulad din ng iba pang mga pangako, "Humiling kayo ng anuman sa Aking Pangalan; tutuparin Ko; kung sasabihin mo sa bundok na ito, `Makilos ka,' at kung hindi ka mag-aal in langan sa puso mo, bagkus ay sasampalataya kang matutupad anumang sabihin mo, mapapasayo anumang salitain mo. Kung kayo'y mananalangin, sampalatayanan ninyong tatanggapin ninyo anumang hilingin ninyo at ipagkakaloob sa inyo." Kita n'yo, kinasihang lahat ito, ang lahat ng kaliit-liitang bahagi nito.

16 Nang si Morse Reedhead, isang napakahusay na iskolar, ay nagpunta sa bahay namin, tinanggap niya ang bautismo ng Espiritu Santo, natumba siya sa isang maliit na mesang kapihan sa bahay. Ang sabi niya sa akin, aniya, "Brother Branham, nauunawaan ko na dati kang – isa kang Baptist." At ang sabi ko, "Buweno, naordinahan lang ako sa simbahan ng Missionary Baptist nung bata pa ako. Hindi ako kabilang sa . ."

Ang sabi, "Buweno, bakit ka ba kasi nakikisama sa mga Pentecostal?" Ang sabi ko, "Mga tao rin silang gaya mo at gaya ko."

Ang sabi niya, "Buweno, makinig ka," aniya, "Sa palagay mo ba ay Espiritu Santo nga ang nasa kanila?"

Ang sabi ko, "Tiyak iyon."

Ang sabi nila, "Bakit sila nagsisisipa at nagpapapadyak at nagsisisigaw?"

Ang sabi ko, "Buweno, kailangan kasi nilang palabasin ang hangin sa pito, kung hindi nila iyon ginagamit para pagulungin ang gulong." Ang sabi ko, "Kung magagawa mo lang na ituro sa kanila kung ano ang kabuluhan nito . . . Sa halip na pasingawin nilang lahat, paganahin sana nila. Ang pananampalataya, doon sa lansangan, pagsikapan sana nilang akayin ang mga tao sa — sa Kaharian ng Diyos."

17 At ang sabi niya, "Buweno, nakita kong ginawa na nilang lahat iyan, kaya't sasabihin ko sa iyo kung bakit ako naririto." Aniya, "May isang mabait na batang galing sa India . . ." Ang sabi, "Nakapag-aral siya sa eskuwela." Aniya, "Ako'y ... Nang umalis ako, hinatid ko siya sa eroplano, upang isakay siya sa eroplano upang mangibang bayan siya, sinabihan ko siya; ang sabi ko sa kaniya, `Anak, ngayon ay nakapag-aral ka na, pabalik ka na sa iyong mga kababayan.'" Wari ko'y nag-aral siya; hindi ko wari ko'y electronics.



90 Payak? Huwag kayong nenerbiyosin at magpipilit na gumawa ng anuman, pagkat wala kayong makukuha pag ganiyan. Bu — buong kapakumbabaan ninyong sabihin, "Panginoon, sumasampalataya ako." Mayroon sanang gumawa niyan.

At ngayon, ako'y . Ilan ba ang nakaupo ngayon sa aking harapan, lalo na ang mga . . . Ngayon, kilala ko ang mga lalaking ito pati na ang mga ito. May Ilan akong kilala na nakaupo rito. Dito naman kaya, dito sa mismong harapan ko? Bigyan natin ng tuon ang maliit na grupong ito kung saan. Ilan ba sa inyo ang hindi pa nakakakita kung paanong ipakilala ni Cristo ang Kaniyang Sarili nang ganiyan sa pamamagitan ng Tingnan ko nga ang mga kamay ninyo, ang mga hindi pa nakakakita nito. Tila lahat yata ay nakakita na nito. Mabuti. Manalangin na kayo ngayon. Ngayon, maging magalang fang kayo. Hindi ko alam kung loloobin Niya. Hindi ko masasabi. Siya ang bahala. Titibay kaya nang husto ang paniniwala ninyo? Naririnig iyan ng Panginoon. Nalalaman Niya ang lahat ng bagay.

91 Ang lalaking nakaupo riyan. na may sakit na hernia, naniniwala ka bang pagagalingin ng Diyos ang herniang iyan? Naniniwala ka? Dayuhan tayo sa isa't-isa, wari ko, ikaw at ako? Hindi kita kilala. Ngayon lang kita nakita. Kung iyan nga ang, idinadalangin mo, itaas mo ang kamay mo. Kung tama iyan, itaas mo ang kamay mo. Kita n'yo?

Naniniwala ba kayo na ... Naniniwala ba kayo na nang sabihan ni Andres si Simon na nakita na nila ang Mesiyas . At nang lumapit siya sa Presensiya ng Panginoong Jesus, dahil may nahipo na kayong kung ano ngayon, ang inyong panalangin (Kita n'yo, kita n'yo?), sinabi Niya sa kaniya kung sino siya. Naniniwala ba kayong magagawa ng Diyos na sabihin sa akin kung sino kayo? Kung naniniwala kayo, magagawa nga Niya. Mapalakas kaya niyan ang loob ninyo upang sumampalataya kayo nang taos sa inyong. puso? Gayon din ba kayong lahat?

Ngayon, itinaas ng lalaki ang kaniyang mga kamay, na anuman ang sinabi sa kaniya . . . Hindi ko alam; kailangan kong pakinggan ang tape. Kita n'yo? Anuman iyon, tama iyon. Mr. Shepherd, sumampalataya ka nang taos sa iyong puso. Kung magagawa mong sumampalataya, iyan lang ang kailang.ang, manzy ari. Ngayon, ano nga ba ito? Ipinangako Niya iyan. Ibinigay Niya ang pangakong iyan. Ipinakikita niyan na naririto Siya, hindi lang sa akin. Nasa iy o rin Siya. Naririto Siya sa katawan ng mga mananampalataya.

92 Ikaw binibini, na umiiyak at nananalangin habang nakayuko, may sakit kang kanser, kung hindi ka mangangamba at ika'y sasampalataya, pagagalingin ka ng Diyos, kung maniniwala ka. Hindi iyan mangyayari sa

anuman ang, kailangan ninyo. "Na — nangangailangan ako, at na — nais ko, mahal na Diyos, na mahabag, Ka sa akin, at pagalingin Mo ako, at paigihin Mo ako. At ngayon. kung sapat ang taglay kong pananampalataya, Panginoon, upang mahipo kita . A— alam kong hindi ako kilala ni Brother Branham. Isa akong day uhan at alam kong hindi niya ako kilala. Ngayon, kung — kung ang lalaking, iyan ay totoong nangusap sa akin ng katotohanan, at naniniwala nga akong katotohanan ito, sapagkat galing ito sa Iyong Salita. Binasa ko ito. Nakikita kong tamang-tama ito. Ngayon, patunayan Mo ito. Inaangkin kong ako'y binhi ni Abraham sa pamamagitan ni Cristo. Inaangkin kong ako'y isang makaharing binhi, sumasampalataya ako kay Jesus Cristo na Siyang makaharing Binhi. Naniniwala akong bahagi ako ng Kaniyang Nobya, ang Kaniyang Iglesiang Kaniyang babalikan. Maysakit ako at nangangailangan. Pakiusap, Panginoong Jesus, hayaan Mong hipuin ko ang Iyong damit. At pa — patunayan Mo ito sa akin sa pamamagitan ng pangungusap kay Brother Branham, gaya ng ipinangako Niyang mangyayari katulad sa mga kaarawan ng Sodoma. Hayaan Mo lang na ako'y . Hayaan Mong sabihin niya sa akin kung ano ang iniisip ko, ang idinadalangin ko, kung ano' ng gusto ko, kung ano ang mga pangangailangan ko, anumang tungkol sa akin." Gawin Mo po iyan. Gawin lamang po Ninyo.

88 Makalangit naming Ama, ngayon ay nasa kamay Mo nang lahat. Ngayon, ito lang ang maaari kong gawin, o ng sinumang tao, ang sabihin kung ano ang sinabi Mo rito, ang katotohanan. Ngayon, patunayan Mo Panginoon, na ito nga'y katotohanan. Nangusap ako tungkol sa Iyo. Mangusap ka na katotohanan nga ang aking ipinangusap. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, Amen ... ? ...

89 Nais kong sumampalataya lamang kayo; manampalataya lamang kayo. Ngayon, huwag kikilos ang sinuman. Buong galang kayong maupo. Nais kong isipin ninyo na nakatayo dito sa harapan ninyo ngayon, si Cristo, na nagbangon mula sa mga patay, lumagos Siya sa dingding minsan, kumain ng tinapay, ang sabi, "Damahin mo Ako. Ako'y may laman at buto," at bigla Siyang naglaho sa kanilang harapan. Ngayon, i — ipinangako Niyang mull Siyang magpapakita sa huling araw sa anyo ng katawan ng tao, sa inyong laman, tulad ng ginawa Niya noong mga kaarawan ng Sodoma. Ang Diyos, na si Cristong nahayag sa laman. na ngayon ay nasa Kaniyang Iglesia, ang Kan iyang Nobya Nakikita ba ninyo, nagkakaisa na sila. Isa itong panahon ng pagkakaisa. Nagkakaisa ang mga iglesia; nagkakaisa ang mga bansa; at ang Nobya at si Cristo av nagkakaisa. Kita n'yo? Ito ang panahon ng pagkakaisa. Ngayon, sumampalataya lang kayo.



Sabi pa niya, nang magbalik siya, ang wika niya, "Bakit hindi mo itatwa ang patay nang propetang si Mohammed, at tanggapin mo sa puso mo si Jesus Cristong nagbangon mula sa mga patay?"

18 At ang sabi niya, "Ginoo, may gusto po akong itanong sa inyo." Ngayon, alalahanin n'yo, galing ito sa isa sa pinakadakilang paaralan ng Biblia, sa mga paaralang pundamental. Ang lalaking ito ay isa sa mga tagapagturo nila. Ang sabi niya, "Ano ba ang magagawa ng Jesus mo sa akin, na hindi magagawa ng propeta ko?

Ang sabi niya, "Buweno," aniya, "mabibigyan ka ng Jesus ko ng Buhay na Walang Hanggan."

Ang sabi niya, "Ang aking ... Iyan din ang pangako ng Koran."

Ang sabi niya, "Buweno," aniya, "Siyanga, Ako'y . .." Aniya, "Alam n'yo, hindi nangako ang Koran ng anuman. Walang ibang ipinangako si Mohammed kundi — kundi buhay pagkatapos ng kamatayan." Ang sabi niya, "Nangako si Jesus sa inyong mga tagapagturo na ang mga tanda at kababalaghang ito ay magsisisunod sa inyo." Aniya, "Iyan ang sabi ni Jesus." At ang sabi niya, "Hinihintay naming mangyari iyan, ang makita naming naipapakita ninyo iyan."

19 Isipin n'yo. Ang sabi niya sa akin, "Sa oras ding iyon," ang sabi niya "Napagtanto ko na hindi bata ang kaharap ko. Alam kong alam ng taong iyon ang sinasabi niya." Marahil ay tumigil siya sa pakikipaglaro ngunit iyon ang dapat gawin. Hayaan n'yong dambahin kayo ng kaaway nang ganiyan, at tingnan ko kundi di n'yo malaman kung saan kayo susuot. Kita n'yo? Kaya't ang sabi niya, "Napagtanto ko na hindi bata ang kausap ko."

At ang sabi pa niya ... Aniya, "Buweno, ngayon tingnan n'yo.

Nagbangon si Jesus mula sa mga patay."

Ang sabi niya, "Siyanga ba?" Aniya, "Dalawang libong taon ang panahong pinalipas ninyo upang patunayan iyan, at wala pa sa dalawang ikatlong bahagi ng mundo ang nakarinig ng tungkol sa Kaniya. Ano ba ang ginagawa ninyo?" Ang sabi niya, "Hayaan n'yong si Mohammed ang mabuhay sa mga patay, at malalaman ng buong mundo sa loob lamang ng dalawampu't apat na oras.

20 Tama. May kabayong nakatayo roon sa libingan niya. Nakita ko iyon doon. Nagpapalit sila ng bantay tuwing ikaapat na oras, inaabangan nila ang kaniyang pagbangon, katipo rin, sakay ng kabayong puti upang lupigin ang buong mundo.

Kaya't ang sabi niya, "Ha — hayaan n'yong magbangon siya sa mga patay at malalaman kaagad ng buong mundo."

Ang sabi niya, "Buweno, talagang nagbangon mula sa mga patay si Jesus." Ang sabi niya, "Ang propeta ninyo ay nakalibing pa rin."

Aniya, "Paano ka nakatiyak na nagbangon nga Siya sa mga patay?"

Ang sabi ng guro, "Narito Siya sa puso ko."

Ang sabi niya, "Nasa puso ko rin po si Mohammed."

Ang sabi niya, "Ngunit mayroon akong kagalakan at kapayapaan."

Ang sabi niya, "Kaya ring magpalabas ng sikolohiya ng Mohammedanismo kung nagagawa iyan ng ng Cristianismo." At kaya nga nila. Dapat ay marinig ninyo kung paano silang nagsisisigaw at nagtititili. Tama. Kaya nilang gumawa ng sikolohiya gaya ng Cristianismo.

21 Ang sabi niya, "Buweno, ano'ng ibig mong sabihin at sinabi mong ipinangako ni Jesus ang lahat ng mga bagay na ito?" Aniya, "Marahil ay ang Marcos 16 ang tinutukoy mo?"

Ang sabi niya, "Oo isa lang iyan, hindi lang iyan, ngunit isa iyan. Sinabi ni Jesus . . . Ang huling habilin Niya sa iglesia, 'Humayo kayo sa buong sanlibutan (Kita n'yo?), at ipangaral ninyo ang Ebanghelyo. At ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mananampalataya,'" Gaano katagal? Sa buong sanlibutan, sa bawat nilalang. "Kung papatungan nila ng kamay ang mga maysakit, magsisigaling sila. Ang huling bilin Niya, ayon sa inyong Kasulatan." Ang sabi niya, "Buweno, kita mo," aniya, "iyan kasi ay . . ." Aniya,

"Hindi kasi kinasihan ang bahaging iyan." Aniya, "Hindi naman talaga ganoon ang gusto Niyang sabihin. Iyon kasi ay . . ."

Ang sabi niya, "Hindi kinasihan?" Aniya, "Ano' ng uri ba ng aklat ang binabasa mo?" Aniya, "Ang buong Koran ay kinasihan." Hmmmmm.

22 Ito'y pagkatalo gawa ng kahinaan ng teolohiya, ng teolohiyang gawa ng tao na hindi nagtataglay ng — espiritu upang makatayo ito at makaharap sa bagay na iyon. Gaya ng sinabi ng mga anak na Hebreo, "Kaya kaming iligtas ng Diyos namin sa nagniningas na hurnuhang ito. Gayon man ay hindi kami yuyukod sa imaheng iyan." Kailangan natin ng mga taong may tapang. Mga lalaking may paniwala sa Diyos, laging malakas ang loob at naniniwala sa sobrenatural. mga taong naniniwala sa Diyos.

23 Ang sabi ni Mr. Reedhead, "Pumadyak ako sa salt ig, Brother Branham, sinikaran kong ganiyan ang alabok. Hindi ko masagot ang taong



Kaniyang Salita kapag nakasumpong Siya ng pananampalatayang maaari Niyang kilalanin.

85 Ngayon, dito sa boob ng, gusaling ito, nais kong kunin n'yo ang Kasulatang ito: Ikatlong kabanata ng, Hebreo, wari ko'y doon nga. Sinabi ng Biblia na Siya sa mga sandaling ito ay isang Punong Saserdote, na maaaring mahipo ng ating mga kahinaan. At sa in yo na nagsipagtaas ng inyong mga kamay, nais kong, sa pagtatapos ng gawain natin dito, nais kong magsilapit kayo at magsitayo kayo rito at magpanalangin kayo. Tanggapin n'yo si Cristo bilang Tagapagligtas ninyo. Dumalo kayo sa isa sa mga maiinam na iglesia rito, nasaan man iyon, basta't ipinangangaral niya ang Ebanghelyo. Puntahan n'yo sila at magtanong kayo tungkol sa bautismong Cristiano, at aakayin kayo ng pastor mula roon. Siya ang tao ng Diyos. Tinawag siya upang maging tao ng Diyos. A — aakayin niya kayo mula roon. Basta't . Kung dito ako nakatira sa lungsod, makikisamba ako sa ilan sa mga iglesia rito. Pupunta ako sa kanila— sila na nagsisisampalataya sa Ebanghelyo. Pupunta ako roon. Tiyak yan, magpapakilala akong kasama nila, pagkat iyan ang kailangan mong gawin. At iyan ang kailangan n'yong gawin.

86 Ngayon, kung Siya ay isang Punong Saserdote na nahihipo ng ating mga kahinaan . . . Ngayon, Siya'y kahapon, ngayon at magpakailan man. Kung gayon ay kailangan Niyang kumilos ng katulad ng ginawa Niyang pagkilos kahapon. Ngayon. Masdan n'yo. Isang babae ang humipo ng laylayan ng Kaniyang dam it minsan, at lumingon Siya, at nalaman Niya kung ano'ng sakit niya, at sinabi Niya sa kaniyang iniligtas na siya ng kaniyang pananampalataya. At naramdaman niya iyon sa kaniyang kalooban. Hindi na niya pinilit patunayan iyon. Hindi na niya kailangang patunayan iyon. Hindi mo dapat pinatutunayan ang mga bagay-bagay; paniwalaan mo ang Diyos. Kita n'yo? Huy, ag, na huwag mong susubukan ang Diyos. Hindi mo maaaring purbahan, upang maligtas ang buhay mo, na mayroong Diyos. Pumarito ka lam., at sabihin mo, "Hayaan mong makita ko Siya." Kita n'yo? Kailangan n'yong sumampalataya sa Kaniya.

87 Ang buong baluti ng Diyos ay sobrenatural: pag-ibig, kagalakan, pananampalataya. pagtitiis. pagtitiyaga, kaamuan (Kita n'yo?): lahat ay sobrenatural. Ang tinitingnan natin ay ang mga bagay na hindi mo nakikita sa pamamagitan ng iyona natural na mata. At naririto si Cristo sa gabing ito. Ipinangako Niy a na. "Kung nasaan ang dalawa at tatlong nagtitipon sa Aking Pangalan. paroroon Ako sa kanilang kalagitnaan. Naroon Ako." "Ako" na naman. Naririto Siya.

Ngayon, Siya'y di pa rin nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man. Manalangin kayo at sabihin ninyo, "Panginoong Jesus, maysakit ako," o

iiniksivunan niya ako ng penicillin araw-araw. At limampung taon mula ngay on. ang sugat na iyon ay gaya pa rin nung una itong malikha. Kung — kung, ang. gamot ay talagang ginawa upang magpahilom ng sugat, bakit hindi iyon maahilom? Anumang medisina ang makapagpapahilom ng sugat sa aking, kamay ay makapagpapahilom din ng sugat sa mesang ito, mapapahilom din nito ang sugat sa aking amerikana. Kung kaya nitong magpagaling ng sugat. makapagpapagaling ito ng sugat kahit saan.

"Buweno," sasabihin mo, "Aba, ginawa ang gamot para sa tao." Kung gayon, bakit hindi gumagaling? "Buweno," sasabihin mo, "nawala na kasi ang buhay doon."

Kung gayon ay mayroong ibang bagay bukod sa medisina na nakapagpapagaling. Iyon ay ang buhay. Siyanga, at ang buhay ay Diyos. Tiyak nga iyon. Gayon man, ang ibang mga makasalanan ay naliko sa pamamagitan nito. Gayon man ay nasa larawan ka ng Diyos. At ang buhay na taglay mo, ibinigay iyan ng Diyos sa iyo. Alam n'yo iyan. Hindi, sapagkat ang Diyos ay Manggagamot. Ang Buhay ang Tagapagpagaling. Pinaniniwalaan ninyo iyan. Kita n'yo. Masyado nang maraming pangyayari ang nakita ko . . . Ngayon, tanggapin lang natin Siya, tatanggapin ba ninyo Siya?

83 Bago natin gawin iyan, iniisip ko kung ilan dito ang kumbinsido? Bago . .. Kung kayo'y mga baguhan dito, ngayon lang kayo nakarating dito, at pinaniniwalaan ninyong Siya ang Anak ng Diyos, at sa pamamagitan nito, ang mensahe sa gabing ito, ang Salita lamang Bago pa man Siya gumawa ng anumang bagay, na sumasampalataya kayo at nais ninyong alalahanin namin kayo sa panalangin, itaas ninyo ang inyong mga kamay, maaari ba, lahat ...? Pagpalain kayo ng Diyos. Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig, sa pakikinig ng Salita. Ang dahi Ian kung bakit sinabi ko iyan, ay upang makita ko — upang makasumpong ako ng kaluguran sa Diyos. Sa palagay ko ngayon, sa hal ip na— na magtawag ako ng hanay ng panalangin dito sa itaas, kakailanganin ko na lang na manalangin.

84 Hayaan n'yong bigyan ko muna kayo ng Kasulatan. Tayo ... Ang ginagawa natin, dapat ay maging Iskriptural ito. Hindi kikilalanin ng Diyos ang iba pa. Hindi kikilalanin ng Diyos ang isang kasinungalingan. Alam n'yo iyan. Hi — hindi mo maaaring ikabit iyan sa Kaniya. Hindi Siya kumikilala ng mga kasinungalingan. Ang tanging kinikilala Niya ay ang Kaniyang Salita. Ngunit ipinangako Niyang "Hindi babalik sa Akin ang Aking mga Salita nang walang kabuluhan. Tutuparin Nito kung ano ang layunin Nito." At nakikita nating ang Salita ay in i laan para sa araw na ito. Kahit gaano pa karaming kaw alan ng pananampalataya ang lumitaw sa kampamento, kikilalanin ng Dios ang



iyon." Ang sabi niya, "Minagaling ng puso kong makipagkita sa iyo pagkatapos ng pangyayaring iyon. At nang makapagtanong ako kung ano ba ang ibig sabihin ng lahat ng ito." Ang sabi niya, "Naririto ako." Ang sabi niya, "Ako'y ... Nang makapagtapos ako ng B.A. naisip ko, `Iyan na nga . . ."

Ang sabi ko, "Alam ko ang ibig mong sabihin."

Aniya, "At isang araw nang makuha ko na ang aking B.A. Naisip ko, sila . . . Ang akala ko ay doon ko na masusumpungan si Cristo. Wala naman pala Siya roon. Nang makuha ko ang aking titulo ng pagkadalubhasa . . ." Ang sabi niya, "Napakarami ko nang mga titulo, mga titulo ng karangalan, sapat upang matakpan ang buong dingding mo. At nasaan ba si Cristo sa lahat ng ito?"

At ang sabi ko, "Sino ako para magsabi na mali ang lahat ng mga guro. Ngunit hindi iyan ang pinag-uusapan natin dito. Ang Persona, si Cristo ang siyang kailangan mo."

Ngayon, isang taong nagdaraos ng malalaking kampanya kung saansaan . At itong si Dr. Lee Vayle, na matalik kong kaibigan, ay kaibigan din naman niya. Nagtatagumpay siya sa pananalangin sa maysakit, at nagdaraos siya ng malalaking kampanya, at lahat na. Iyon ay dahil sumasampalataya

ang mga tao.

24 Ngayon, kita n'yo, ang espiritu ay nakay. Cristo. ang katawan, si Jesus, na siyang Diyos na Emmanuel . . . Ang Espiritu Santo. Bumaba ang Diyos sa katauhan ni Cristo, at Siya ay naging Diyos na sumasaatin. Pagkatapos, Siya ay – iyon ay upang tubusin tayo – nabubo ang Kaniyang Dugo. Ngayon,

sa Lumang Tipan kapag dumulog ang mananamba at ipinatong niya ang kaniyang kamay sa kaniyang hain at nilaslas niya ang lalamunan ng — ang pari ang gumagawa nito o — ng hain, hinahawakan ng mananamba ang hain. At nararamdaman niya ang pagkalaslas ng laman nito at naghihingalo ang munting kordero, ang balahibo nito ay naliligo sa sari ling dugo nito, tigmak na rin ang mga kamay ng mananampalataya at iba pa, saka ilalagay iyon sa parilya upang sunugin doon sa altar, napag-uunawa ng mananampalataya na dapat sana ay siya ang mamatay dahil sa kasalanang nagawa niya, ngunit ang kordero ang namamatay sa halip niya.

Ngayon, ngunit ang buhay na nasa dugo ay hindi maaaring magbalik sa nananambahan sapagkat dugo iyon ng hayop, na walang kaluluwa. Ngunit sa . . . Kung kaya't patuloy pa ring naaalala ang kasalanan.

25 Ngunit ngayon, dahil si Jesus ay Emmanuel, kung gayon ang Buhay ng Diyos ay nasa Kaniya, at nagbabalik iyon. Hindi iyon buhay ng tao kundi

ng Diyos mismo na nasa anyo ng Espiritu Santo, nagbabalik iyon at ginagawa kayong mga anak na lalaki't babae. Kung magkagayon ay mga anak na lalaki't babae na nga kayo. At kapag nadarama ninyo ang pagkakalaslas at ang hirap, at ang kaparusahang pinagdaanan ni Jesus, ni I ibak Siya, tinawag na gawa ng Diablo ang lingkuran Niya, Beelzebub, at pinagtawanan Siya, at nilait ng mga pinuno ng relihiyon, at itinakwil Siya. Naparito Siya para sa ganang Kaniya ngunit hindi nila Siya tinanggap, at ang mga bagay na pinagdaanan Niya at pagkatapos ay inalay Niya ang buhay Niya sa krus upang tubusin yaong mga noon pa man ay nakilala na ng Diyos, tinubos, ibinalik sa dati nilang kalagayan.

2 6 Ginawa iyon ng Diyos upang maisugo Niya ang Espiritu Santo sa iglesia, upang ito — ang mga tao, ang mananampalataya. Para lang ito sa mga mananampalataya. Hindi ito para sa mga hindi sumasampalataya. Hindinghindi nila ito makikita. Patay na sila, unang-una. Tingnan n'yo ang mga Fariseong iyon, nang makita nilang naipamalasni Jesus ang pinaka tanda na siyang inaabangan nilang tanda ng Mesiyas. Tingnan n'yo si Pedro. Sinampalatayanan niya iyon. At kaagad iyong sinampalatayanan ni Natanael*. Sinampalatayanan iyon ng babae sa balon: ang bulag na si Bartimeo. Lahat ng mga nagsitanggap ay nagsisampalataya. Ngunit ang mga pinunong iyon ay nagsitayo roon at ang sabi, "Si Beelzebub iyan, isang masamang espiritu, isang uri ng panloloko, isang pandaraya."

Sinabi ni Jesus, "Sabihin ninyo iyan sa Akin, mapapatawad Ko pa kayo." Hindi pa kasi naihahandog ang Hain noon. "Ngunit kapag dumating ang Espiritu Santo at ginawa rin Niya ang ganito, anumang salitain laban Dito ay hindi na mapapatawad sa daigdig mang ito o sa daigdig na darating." Bakit hindi nila magawang sumampalataya? Sinabi ni Jesus, "Kayo'y sa inyong amang Diablo at gagawin n'yo rin ang kaniyang mga gawa." Tama iyon.

27 Ang paniniwala sa Salita ay ang pagtanggap sa Salita at ang hayaan Itong maging Buhay. Ngayon, ipinakikita ng Diyos doon kung paanong pinatutunayan Niya ang Kaniyang tipan . Kailangang magkagayon. Ang iglesia, hindi ang organisasyon, hindi ang denominasyon, kundi ang indibiduwal . . . At ang Diyos ay kailangang maging ang Espiritu ring iyon. Iyon ang layunin ng Diyos sa simula pa lamang. Sina Adam at Eba noon ay iisang espiritu.

Sinabi ng Biblia sa Genesis. sa 1:27, "Sa larawan ng Diyos . . ." Ang Diyos ay Espiritu. "Sa larawan ng Diyos ay nilalang Niya siya." Nilalang Niya siyang lalaki't babae," sa anyong espiritu na noon ay nasa Diyos. At si Adam ang inatasang mangalaga sa — sa lupain, gaya rin naman ng ang Espiritu



Ngayon naman, "Nakapagliligtas Siya ngunit hindi Niya kayang magpagaling." Kita n'yo? Iyon pa rin ang dating diablo, iyon pa rin. Kapuwa Siya Tagapagligtas at Tagapagpagaling. Siya si Jehovah-j ireh at Jehovahrapha. Oh, magsibalik kayo.

Alalahanin n'yo, ipinangako Niyang magkakaganito ang posisyon ng lahat ng bagay kung paano itong nakaposisyon ngayon, at kung ano ang mangyayari. Sinabi Niyang mangayayari ito, at kailangang mangyari ito.

80 Mga kaibigan, ikinalulungkot ko. Ginabi tuloy kayo. Yumuko tang tayo sa loob ng ilang minuto. Ako'y . . . Tatapusin ko ito, marahil ay bukas ng gabi. Mayroon pa akong mga an im na pahina ng mga isinulat kong tala rito tungkol sa paksa natin. Yumuko kayo sumandali. Maging magalang kayong lahat. Maaaring hindi kayo sang-ayon sa akin. Karapatan ninyo iyan. May karapatan din akong sabihin kung ano ang palagay ko. Inilahad ko ang mga Kasulatan. Ngayon, kahit ano pa ang sabihin ko, kung hindi ito kakatigan ng Diyos, kung gayon ay hindi gumagana ang Urim at Thummim. Kung gayon ay tinanggihan ito. Kahit gaano pa kaganda itong pakinggan, at gaano man ito katotoo sa pandinig, kailangang ipakita ito ng Urim at Thummim. Kailangang magkabuhay ang binhi. Kung hindi, ay hindi iyon binhi.

81 Ngayon, para sa kagalingan . . . Ngayon, sinikap kong sabihin sa inyo na hindi ako manggagamot. Marami ang tumatawag sa kanilang sarili na mga manggagamot. At maraming kritiko ang nagbabansag sa iba na mga manggagamot, para lamang mamula. Hindi tama ang puso nila sa Diyos. Kita n'yo? Alam nating lahat na walang sinumang makapagpapagaling ng kapuwa niya. Ang Diyos ang nagpapagaling ng sakit. Hayaan mong tawagin ng Diyos ang kamatayan mo, at manalangin ka na hanggang gusto mo, at kahit ka pa iniksiyunan ng gamot araw-araw, ay mamamatay ka pa rin.

Kung masusugatan ang kamay ko sa gabing ito, at tatayo ako ritong may sugat ang kamay, walang anumang gamot sa mundo na makapagpapagaling sa kamay ko. Wala tayong gamot na nakagagaling. Walang gamot na nakagagaling. Sasabihin iyan sa inyo ng sinumang duktor. Pinananatili lang nito itong, malinis habang pinagagaling ito ng Diyos. Hindi ito nakabubuo ng tissue.

82 Kung masusugatan ang kamay ko at . . . "Oh," sasabihin mo, "Oo, Brother Branham, may gamot na makapagpapagaling nito." Sige, nais kong malaman kung ano. Ipapakita ko sa iyo. Kung masusugat ang kamay ko at matutumba ako rito at mamamatay, maaaring dumating ang duktor at embalsamuhin ang, katawan ko, at maaari akong magmukhang natural sa loob ng limampung taon, tatahi in niya ang kamay ko, at dadalhin niya ako roon, at

iyan ng Panginoon. Kung paanong ang mga bagay na iyon ay nasabi na mararni ng buwan bago pa ... Sa mga naririto, ang nakikita ninyo ngayon ay mall it lang, itong nakikita ninyong nangyayari. Tanungin n'yo ang mga taong nakasubaybay. Tanungin n'yo kung pumalya na ba ito kahit minsan: Nangungusap ito tungkol sa mga tao, sa mga paglindol, alga bagay na magaganap pa lamang; sinasabi sa atin ng Espiritu Santo. Tama ba? Ang mga taong naging ... Siyanga.

78 At tungkol sa iba't-ibang mga tao gaya ni Marilyn Monroe, matagal na panahon pa bago siya pu — pumanaw. Ang sabi ni la ay nagpakamatay siya. Hindi siya nagpakamatay. Inatake siya sa puso. Walang duda. Ang lalaking ito, ang mandirigmang ito, ang Maginot Line sa Germany, lahat ng mga bagay na iyon, libu-libong mga bagay na naganap nang tamang-tama sa bawat pagkakataon. Hindi maaaring hindi ito Espiritu Santo. Kita n'yo?

Ipinangako Niya ito. Nagbigay Siya ng pitong pangyayari noong 1933 at ngayon ang bawat isa sa mga ito ay natupad na maliban sa dalawa. Sakdal na sakdal, tamang-tama. Kung paanong maihahalal si Pangulong Kennedy; narito ito sa aking mga aklat ngayon, naihula na ito tatlumpu'ttatlong taon na ang nakararaan. Tamang, tama ito. Kung paanong maitatayo ang Maginot Line, labing isang taon bago ito itayo, kung paanong Iilitaw si Hitler, at — at ang Pasismo, at — at ang Nazismo ay hahantong lahat sa Komunismo, at wawasakin ng Komunismo ang Katolisismo. At mangyayari nga ito kahit ano pa ang gawin nila.

Ipinakita nito, ang sabi'y magkakaroon ng konsehong ekumenikal, at kung paanong magkakaisa ang lahat ng mga iglesia, at bubuo ang mga ito ng isang larawang kung tawagin ay ang "tatak ng hayop". Makikita mo na ang mga ito sa daan ngayon. Tama nga. Kailangan itong mangyari, pagkat hindi pa ito pumapalya Sinumang may nalalaman, sinuman, dadalhin ko sila sa buong mundo; hindi pa ito nagmintis minsan man. Maraming buwan at mga taon muna bago mangyari, sadyang tugmang-tugma ang mga pangyayari. Ito'y ang Diyos na sumasainyo, at ang Diyos na nananahan sa atin, ang Espiritu Santo.

79 Pansinin n'yo, sinabi ni Jesus na ang makaharing binhi ay maipakikilala ng bagay ding iyon, dito sa Lucas kabanatang 17. Oh, magsibalik na kayo, mga nagsipangalat, mula sa inyong mga denominasyon patungo sa inyong tamang kalagayan. Sinuman sa atin ay maaaring manampalatayang ang Diyos . . . Kung sumasampalataya ka sa Diyos, alam mong nagpapapagaling ang Diyos ng maysakit. Walang pagtatalo tungkol diyan. Aba, kung hindi ka naniniwala riyan, dapat ay . . . Sinabi nila noong mga panahong iyon, "Oh, alam namin nakapagpapagaling Siya ngunit hindi Niya kayang magligtas."



Santo ang dapat mamuno sa Iglesia ngayon. Gayon man, ang tao ay wala pa noon sa laman. At kapuwa siya lalaki at babae, sapagkat iisang espiritu.

28 At nilikha ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa ay ginawa Niya siya sa anyo ng hayop, at gayon nga tayo ngayon, hayop. Alam nating to — tayo'y mga mammal, at ito'y isang hayop na main it ang dugo. At kawangis tayo ng hayop.

At kumuha ang Diyos ng isang tadyang kay Adam, hindi isang . . . Ang babae ay produktong nagmula sa lalaki, hindi naman talaga siya kabilang sa orihinal na nilalang; kumuha Siya ng tadyang. Pinaghiwalay Niya ang pisikal, at hinugot niya ang pambabaeng espiritu mula kay Adam at in ilagay iyon kay Eva. Naroon ang isang lalaki at isang babae. At kapag lumabas sila sa kalagayang iyon ay lumalabas sila sa tama nilang kondisyon. May kung anong pambabaluktot na nangyari kung gugustuhin ng isang babaeng maging lalaki, o kaya nama'y — o isang — o kung ang isang lalaki ay nais kumilos na parang babae. May mali kung saan. Wala sila sa tama nilang kalagayan.

29 Mapapansin natin na si Rebekah at — at si Isaac ay magkadugo. Kita n'yo? Ngunit iyon ay tumitipo sa natural na binhi ng Israel. Ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya, dumating si Cristo sa tagpo, at hindi ito naganap sa natural. Gaya ng ang tanda ay nasa . . . Ang dugo sa poste ng pintuan doon sa Egipto . Kah it pa nga tuli na sila, kahit pa nga nasa ilalim sila ng tipan, kailangang maipakita ang tanda at kung hindi ay mawawalan ng bisa ang pakikipagtipan. Tiyak nga. "Kapag nakita ko ang dugo, lalampasan Ko kayo." Ngayon, ang tanda ay hindi ang Dugo; ang tanda ay ang Buhay na galing sa Dugo, ang Espiritu Santo.

At iyan ang Kahit gaano ka pa karelihiyoso, malibang tanggapin mo ang Espiritu Santo, mapapahamak ka. Ito lang ang tanging daan. Wala nang iba pang Kasulatang nagsasabing mayroon pang ibang maaaring gawin, tanging iyon lamang. "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan Nito ay natatakan kayo hanggang sa araw ng inyong katubusan," Efeso 4:30.

30 Pansinin. Ngayon ay magbabalik tayo. Kung gayon, ipinakikita niyan na si Adam at Eva ay dating iisa nung pasimula. Ang mag-asawa ay dapat maging iisa pa rin hanggang ngayon. Ngunit nang paghiwalayin Niya sila sa laman, doon nahulog si Eva. Nahulog, bakit? Hindi niya sinampalatayanan ang Salita. Ang bawat bahagi nito . . . Nagagawa ng iba ang tanggapin ang bahagi ng Salita ngunit hindi ang kabuuan. Dapat ay lahat-lahat. Kita n'yo, kita n'yo?

Pinag-alinlanganan niya ang isang bahagi nito. At kung ang lahat ng mga sakit at problemang dinaranas natin ngayon ay nangyari sa atin dahil may

isang babaeng nag-alinlangan sa isang bahagi nito, paano natin mababawi ang anumang bagay kung hindi natin kayang sumampalataya sa kabuuan nito at tanggapin ang kabuuan nito. Iyon ang kanilang naging Kinanlong sila ng Salita.

31 Nang paghiwalayin sila sa laman, nahulog sila—nahulog siya sa Salita. Siya ay . . . Masdan. Ano nga ba ang hinanap niya? Napakaraming mga tao ngayon, ang gusto nila a), isang mas mabuti, mas magarang pamamaraan, mas mabuting pamamaraan. Ayaw nilang harapin kung ano ang nakalagay na sa harapan nila. Kung gagawin nila ito, ititiwalag sila sa kanilang organisasyon, iti- . . . ititiwalag sila, lalaitin. Hindi ba ninyo alam na pagwiwikaan kayo ng masama ng lahat ng tao, pararatangan kayo ng mali nang dahil sa Akin? "Magalak kayo at mangagbunyi, sapagkat daki la ang inyong gantimpala sa langit; sapagkat ganiyan din nila inusig ang mga propetang nauna sa inyo." At, "Lahat ng namumuhay nang makadiyos kay Cristo Jesus ay magbabata ng pang-uusig."

32 Ngayon, ano pa ba ang nais nating sabihin Niya? Libu-libong mga salita ang maaari nating — Ang mga Kasulatang patungkol diyan ay mababasa mula Genesis hanggang Apocalipsis. At anumang bagay na nasa atin ngayon ay nagpasimula sa Genesis. Ito ang binhing kabanata. Lahat ng di paniniwala at lahat ng bagay ay doon nagpasimula. Doon nagpasimula ang Iglesia. Lahat ng bagay ay nagpasimula roon. Para itong dalawang punong baging na tumutubo, at ginagaya ng isa ang isa at halos ay magkahawig na magkahawig sila, gaya ng Moab at ni Moises.

33 Hayun at paparating na ang Israel — maliit, walang denominasyon, ni hindi sila matawag na isang bansa, at dito'y magkapareho sila ng hain. At ang Moab, isang mahusay na denominasyon, nagsilabas ang lahat ng mga pinuno nilang sikat, pareho rin ang inihain nila, pinipilit na Ang obispo nila roon, si Balaam, ay nanaog upang sumpain ang pinagpala ng Diyos. Iniisip nila, "Ang mga rebeldeng ito, ni wala silang matatawag na tahanang iglesia, sa kalagayan nilang iyon. Pakalat-kalat sila." At ang sabi niya...

Ngunit hindi nila narinig ang sigaw ng hari sa kampamento. Hindi niya nakita ang pagpapagaling ng, Diyos na naparoon sa pamamagitan ng ahas, at ang — ang hinampas na bato na nagbigay sa kanila ng buhay, ang sigaw ng hari sa kampamento. Hindi niya iyon nakita — ang bulag na obispong iyon, ngun it kung pagi ging pundamental ang pag-uusapan, kasing tama siya ni Moises. Pitong altar, pitong hain, naghahain pa nga siya ng lalaking tupa, na nangungusap tungkol sa darating na Cristo.



ay hindi na muling makapaglalahi. Kita n'yo, ang sabi ng Diyos, "Mamunga nawa ang bawat binhi ayon sa uri nito." Ngayon, saan ba nanggaling ang sinasabi ninyong ebolusyon? Ang sarili ninyong proyekto ang nagpamali sa sinasabi ninyong pan iwala ninyo. Sinabi ng Diyos, "Mamunga ang bawat binhi aeon sa uri nito." Hindi na siya maaaring magkalahi pa. Hindi, hindi, tapos na siya.

At sa palagay ko ang mola ay isa sa — sa pinaka-ignoranteng hayop na nakita ko. Hindi mo siya maaaring turuan. Tatayo siya roong may malalaki't mahahabang mga tain2a, alam n'yo na, at maghihintay siya hanggang sa makakita siya ng pagkakataon upang sipain ka niya bago man lang siya mamatay. Siya'y sadyang ... Hindi mo siya maaaring turuan. Naaalala ko tuloy . . . Maupo ka roon, at magsabi ka sa kaniya ng mga bagay-bagay. Naaalala ko tuloy ang ibang tao, sinasabi nilang mga mananampalataya sila sa araw na ito: naglalakihan at naghahabaan ang mga tainga nila habang nakaupo sila, at, "Lipas na ang panahon ng mga himala, haw, haw, haw." Hindi niya alam kung saan siya nagmula. Wala siyang kamuang-muang tungkol dito. Ang tanging nalalaman niya ay isang kredo ng iglesia.

76 Ngunit sasabihin ko sa iyo; may respeto ako sa isang kabayong puro ang lahi. Aba, kaya niyang sabihin sa iyo na puro ang lahi niya. Magagawa niyang sabihin sa iyo kung sino ang ama niya, kung sino ang ina niya, kung sino ang Iola niya, at ang lolo niya. Puro ang lahi niya. Ganiyan din ang isang Cristianong puro ang lahi. Maaari niyang tuntunin ang lahi niya hanggang sa Aklat ng mga Gawa, at makikita ni la kung saan Si la nagmula — isang Cristianong puro ang lahi, isinilang ng Espiritu, iyon din, kapareho kung kumilos, pareho rin ang mga tagausig nila. Mga asno at kabayo, magkasamang nanginginain . .. Tama. Hayan ka na. Kailangang magkaganiyan. Pal ibhasa ay panahon ito ng halong-lahi.

77 May nabasa ako sa "Reader's Digest" hindi pa katagalan. Kung lagi raw pakakanin ang kababaihan ng mga karneng hybrid at — at ng mga bagay na gaya nito, hindi na si la magkaka-anak.

Nagbabago na si la. Mas lumalapad ang balikat nila kaysa dati at turn i I i it naman ang kanilang mga balakang. Bakit? Alam n'yong laging sinisira ng tao ang sarili niya sa pamamagitan ng kabihasnan. Magbalik-loob kayo sa Diyos. Sumampalataya kayo sa Diyos. Magbalik kayo sa orihinal na binhi. Magbalik kayo at sampalatayanan n'yo ito.

Nabasa na ninyo ang mga tape ko — nasa inyo pala ang mga tape ko, palagay ko'y narinig na ang mga ito, tungkol sa orihinal na binhi, at ang punong nobya, sampu ng mga bagay na iyon, na pawang katotohanan. Alain

isang iglesia: iglesia palabas ng iglesia. At ang natira sa binhi ng babae (lyon ang naiwan.), doon ay may pagtangis, at pagtaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin, pagkat walang langis ang kanilang mga ilawan. Laging Espiritu Santo ang ikinakatawan nito. Hayan na sila. Tamang-tama na ang pagkakaposisyon.

73 At ngayon, tingnan n'yo ang burol. Ngayon, ang iglesia ... Si Abraham, si Lot, ang mga Sodomita: ang sanlibutan, ang iglesia, ang hinirang (ang iglesia, ang nobyang lumabas sa iglesia). Tamang-tama ang pagkakapuwesto natin. Tamang tama ang kalagayan ng sanlibutan: pagkaliko, lahat na lang ay liko. Ito'y .. .

Sinasabi ko sa inyo: lahat na lang ay halong-lahi. Sila'y . . . Pumarito ako at nakakita ako ng isang malaking karatula na ang sabi, "Hybrid Corn." Aba, walang kuwenta. Hindi, dapat sana'y napatalon kayong mga ateista. Nang sabihin ng Diyos, "Mamunga nawa ang bawat binhi ng kauri nito. At maaari mong i-hybrid ang mais at magmumukha itong mas magandang uri ng mais, ngunit hindi mo na ito maaaring itanim uli. Wala itong buhay na taglay.

74 At ganiyan ang ginawa natin sa iglesia. Pinaganda na natin ito at dinikorasyunan natin ito ng makadenominasyong palamuti. Ngunit wala itong buhay na taglay. Hindi ito makapamunga ng ebidensiya ng Biblia: hindi ito makapamunga ng katibayan ng muting pagkabuhay ni Cristo. Isa itong halong-lahi: mga taong higit na ma2ara ang bihis, mas malaki ang kita, higit na malalaking denominasyon, higit na mayaman itong kapanahunang Laodicea, siyanga. "Mayaman, wala nang kailangan pa, hindi n'yo nalalamang kayo'y kahabag-habag, aba, bulag, at maralita, hubad, at hindi ninyo alam na ganiyan kayo." Kung alam ng tao na nakahubad siya, maaari mo pa siyang kausapin. Ngunit kung — kung hindi niya alam, kahabaghabag ang kalagayan niya, nakakaawa. Huwag ninyong kamumuhian ang mga tao kundi mahabag kayo sa kanila. Paano kaya kung ikaw ang nasa gayong kalagayan? Paano kaya kung hindi nahayag ang Salita sa iyo? Ano'ng gagawin mo? Ano pa ang saysay kung lubos nang nabulag ang mga mata mo at hindi mo na ito makita? Kahabag-habag na tanawin iyan.

At tamang-tama ang pagkakaposisyon, hindi ka makakakita ng anumang pagkakamali. Haya't nakapuwesto na, kung paano Niyang sinabing mangyayari; ang mga tandang ito ay lilitaw sa mga huling araw. Nakikita na ba ninyo kung saan sila nakapuwesto, tamang-tama.

75 Ngayon, masdan n'yo. Ang paghahalong-lahi . . . Alam n'yo, kung anuman ako'y . . . Kumuha ka, tulad ito ng kapag kumuha ka ng asno, at palahian mo ito sa kabayo, sa isang lalaking kabayo, ibig kong sabihin, at ikaw — ano'ng kalalabasan? Mola ang magiging anak nila. Ngunit ang molang iyon



34 Ngunit hindi na kailangan ng Diyos ng tagapagpaliwanag. Siya ang tagapagpaliwanag ng Sarili Niya. Kapag nangako Siya, pinangyayari Niya, at iyon na ang paliwanag nito. Hindi na kailangang ipaliwanag pa ito ng sinuman. Hindi na nanghihingi ang Diyos ng tagapagpaliwanag. Hindi nagmula ang Biblia sa pansariling paliwanag. Lahat na lang ay nagsasabing ganito, ganiyan ang ibig sabihin nito . . . Hayaan n'yong ang Diyos ang magsalita para sa Sarili Niya. Siya ang gumagawa nito. Siya ang nangangako; paninindigan Niya ito. Tinutupad Niya ito sa mga mananampalataya. Ngunit ang mga hindi sumasampalataya ay walang natatanggap. Hindi ito para sa kanila. Patay na sila, simula't sapul. Ni hindi nga sila naikatawan. Wala silang anumang taglay; sila' y mga ipang walang laman. Ayaw ninyong magkagano'n. Magpapuspos kayo sa Espiritu.

35 Pansinin, pinaghiwalay Niya si Adam at Eva at nahulog si Eva. Sinamahan siya ni Adam. Ngayon, hindi nadaya si Adam. Ngunit si Adam, ang unang Adam, ay anak din naman ng Diyos, at kaya siya lumabas ay dahil sa pagmamahal niya kay Eba, upang maibalik niya siya, sapagkat mahal niya siya. Gayon din ang ginawa ni Cristo upang matubos siya. Pabalik saan? Pabalik sa Sal ita. Ano ba ang naging dahi tan ng pagkalugmok? Ang Salita, ang di paniniwala sa Salita, sa buong Salita. At naparito si Cristo upang maging katulad natin, ang Buhay Niya ay nasa atin upang ipagpatuloy ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at nanahang kasama natin," siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man, ang iisang Diyos. Kaya Siya naparito ay upang gawin iyon.

Ngayon, makikita natin na sa pagpapatunay, tinubos Niya tayong pabalik sa Kaniya, tinubos ang mga napariwarang anak na naligaw ng landas sa mga morge, at muli silang nagbalik sa Salita, nagbalik sa naipakilalang Salita.

36 Ngayon, ang mga Judiong iyon, nang dumating si Jesus, nagawa nilang sabihin, "Nasa amin ang Salita. Nasa amin ang Salita. Ito ang sinabi ni Moises. Mga alagad kami ni Moises." Si Jesus, labingdalawang taong gulang pa lamang Siya noon, nakipagtalo Siya sa kanila, at nang . . . Kita n'yo, ganiyan ang ginagawa ng tao rito.

Ngunit sinabi ni Jesus, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong paniwalaan. Sapagkat ang gawang ipinagagawa sa Akin ng Ama, ang mga ito ang nagpapatotoo kung sino Ako." Ang sinumang isinugo ng Diyos, nagpapatotoo ang Diyos sa gawang itinalaga Niya para gawin Niya. Kung hindi, hindi ito sinusuportahan ng Kasulatan, iwan n'yo iyan.

37 Maging sa Lumang Tipan may paraan sila para malaman kung katotohanan ba ang isang bagay o hindi. Nagpapatawag sila ng isang mapanaginipin, o ng — ng isang manghuhula, o kung sino man iyon, dinadala nila siya sa harap ng Urim Thummim. Isa iyong sobrenatural na Ilaw. Laging sobrenatural ang Diyos, gumagawa Siya sa paraang sobrenatural. Hangga't mayroong Diyos, mananatiling may sobrenatural, kung ito'y ang Diyos na Jehovah. Kita n'yo? At kapag . . . Kahit pa gaano kaganda sa pandinig ang panaginip, kung hindi iyon sisinag sa Urim at Tummim, kung gayon ay maling lahat iyon.

Ngayon, ang lumang pagkasaserdote ayon kay Aaron ay napawalang bisa na, ngunit mayroon pa rin tayong Urim at Thummim. Ito ang kapahayagan ni Jesus Cristo at ipinahahayag Niya Siya sa Salitang ito. At anumang bagay na salungat sa Salitang iyan ay hindi sa Diyos — salungat ito rito. Ngunit nangungusap ang Diyos para sa Kaniyang Sarili. Ipinakikilala Niya ang Sarili Niya kasama ng Kaniyang Salita. Doon tinalo ni Jesus si Satanas: "Nasusulat." At gumanti si Satanas at muli na naman siyang bumagsak. Ang sabi Niya, "Oo, at nasusulat din naman . . ." Ngunit sa pagkakataong iyon ay nasundot niya ang malakas na boltahe. Sa pagkakataong iyon, nasunog ang kaniyang mga pakpak. Napaigtad siya. Pagkatapos ay sinabi Niya, "Nasusulat, hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos. Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas." Kita n'yo?

38 Pansinin n'yo ang nangyari. Laging ipinakikilala ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng Kaniyang ipinangakong Salita. Ngayon, kung nagbalik tanaw lang sana ang mga Fariseong iyon, ang sabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw ng isang propetang katulad ko." Iyon ay nasa Kasulatan.

Ngunit di kataka-takang pinasalamatan ni Jesus ang Ama, ang sabi, "Pinasasalamatan Kita, Ama, itinago Mo ang mga bagay na ito sa mga mata ng matatalino at pantas; ipinahayag Mo ito sa mga sanggol, gaya ng mga nais matuto." Nang sabihin Niya kay Pedro nung araw na iyon, nang manaog Siya at nang sabihin Niya, "Sino ba Ako, ang Anak ng tao ayon sa mga tao?"

Ang sabi ng isa sa kanila, "Ikaw si Elias, at ang sabi naman ng isa, "Ikaw si Moises," at iba pa.

Ang sabi niya, "Ngunit hindi iyan ang tanong Ko sa inyo."

Ang sabi niya, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay."

Ang sabiNiya, "Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas. Hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at dugo." Hindi mo ito natutunan sa seminaryo, walang nagturo nito sa iyo, ngunit isa itong kapahayagan. Ay, naku. "Sa



mga kaarawan ng Sodoma. Pansinin n'yo, hindi masyado sa panahon ni Noe; Nangusap Siya tungkol sa kanilang mga imoralidad, kung paanong sila'y nagsisikain, nagsisiinom, nagsisipag-asawa, ipinakikipag-asawa, ngunit sa Sodoma . . . Ngayon, wala nang tubig; ipinangako iyan ng Diyos sa pamamagitan ng tandang bahaghari.

Binigyan Niya tayo ng isang tanda. Lagi Siyang nagbibigay ng tanda. Sa tuwina'y naaalala Niya ang Kaniyang mga tanda, lagi Siyang tapat dito sa mga nakalipas na mga taon, hindi Niya nalilimutang ibigay ang tandang bahaghari. Lagi Siyang nagbibigay ng mga tanda. Pansinin n'yo, at sa tandang iyon ay ipinangako Niyang hindi na Niya muling wawasakin ang sanlibutan sa pamamagitan ng tubig. Ngunit sinabi Niyang masusunog ito. At pansinin n'yo, sinasabi rito ni Jesus na kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, mawawawasak ang daigdig ng mga Hentil. [Patlang sa tape — Ed.] At tingnan n'yo kung, sino ang nasa kanila, isang lalaki, G-r-a-h-a-m, buong ningas na nangamzaral sa kanila, sa mga pulitiko, sa natural na iglesia.

71 Ngayon, sa iglesiang espirituwal naman Laging may tatlong uri ng tao. Iyon ay mga mananampalataya, hindi mananampalataya, at mga pakunwaring mananampalataya. Nariyan ang mga iyan sa bawat kapulungan. Kung naramdaman ninyo ang presyon na naramdaman ko, alam ninyong naririto sila ngayorw, gabi. Kaya nga — kaya't kayo . . . Ang tatlong ito ... Pansinin n'yo, hayan ka na. Laging nariyan ang tatlong uri kahit saan. Ngayon, kung makikita n'yo, na magkakagayon din kapag ang Anak ng tao ay maihahayag na sa makaharing binhi ni Abraham sa pamamagitan ni Cristo (si Cristo ang makaharing kapag ipinahahayag na Siya sa mga huling araw.

72 Ngayon, kung titingnan ang kalagayan, ay tamang-tama ang pagkakasaayos ng sanlibutan, sapagkat ang araw na sumisikat sa silangan ay siya ring araw na lumulubog sa kanluran. At isa itong makulimlim na araw: nagsigawa na sila ng mga organisasyon, mga denominasyon. "Ngunit magliliwanag sa oras ng wika ng propetang Jeremias. Ngayon, at sa mga kaarawan kung kailan ang Anak na iyon, kapag sumungaw iyon mula sa likuran ng mga ulap ng denominasyon upang ihayag ang Sarili, ang sabi Niya, ang kalagayan ng sanlibutan ay magiging katulad na katulad ng mga kaarawan ng Sodoma, at muting ihahayag ng Anak ng tao ang Sarili Niya sa Kaniyang bayan.

Tingnan n'yo kung paano Siyang naghayag sa binhi ni Isaac. Tingnan n'yo kung paano Niyang ihahayag iyon sa makaharing binhi, sa Nobya, makahari, ang Reyna. Ana reyna ang makaharing binhi. Kung paanong naglabas ang Diyos ng isang bansa mula sa isang bansa sa Egipto, maglalabas din Siya ng isang iglesia mula sa isang iglesia, o ng isang Nobya palabas ng

At si Sarah, ay palihim na natawa. Ang sabi, "Ako na matanda na, magkaroon pa kaya akong muli ng kasiyahan sa aking panginoon, samantalang matanda na rin siya?" Parang gano'n, alam n'yo, pagkat siyamnapung taon na siya at siya naman ay isangdaang taong gulang na. Kaya nga, "Mangyari pa kaya?"

68 At ang Sugong Anghel, ang Diyos na nasa anyong laman, ang sabi Niya, "Bakit siya tumawa?" Isa iyong kumpirmasyon. Bakit? Ipinakita nitong tama nga ang kapahayagan, ipinakitang ang itinawag niya sa Kaniya ay tama, sapagkat Siya ang Salita. 1yon ang - sa ika-4 na kabanata ng Hebreo, ayon sa talatang 12, "Ang Sal ita ng Diyos ay higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, at nakakikilala ng mga kaisipan at haka ng puso." At nang makita iyon ni Abraham, natiyak niyang maaari nga niya Siyang tawaging Elohim. Elohim, Siya ang Salita, di nagbabago kahapon, ngayon at magpakailan man. Pansinin n'yo, nang si Jesus, ang makaharing binhi ni Abraham ay dumating sa tagpo, ipinahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa natural na binhi ni Abraham sa kaparehong tanda, at tinawag ni la Siyang Beelzebub. Binulag sila nito, ang mga hindi mananampalataya, binulag sila nito, at naging dahilan upang pusungin nila Siya, at ng pagkabulid nila sa impiyerno. Ngunit nagbigay ito ng walang hanggang paningin sa mga mananampalatayang nakatalaga sa Buhay na Walang Hanggan. Pansinin n'yo. Ipinangako ni Jesus na ang - sa huling mga araw, bago dumating ang Anak ng tao. na darating Siya upang ihayag ang Kaniyang Sarili. Kapag ang mga kaarawan ng, Anak ng tao ay naihahayag na, makikita ng makaharing binhi ni Abraham ang kaparehong tanda. Ngayon, pansin in n'yo. Nang sabihin Niya. iyon ay Lucas 17:28 at 30: ¨Kung, paano ang mga kaarawan ng Sodoma . . .

Ngayon, sinabi ito ni Jesus. Hindi ako ang mananagot dito. Ang pananagutan ko lang ay ang ipangusap ito, ang sabihin kung ano'ng sinabi Niya; ngunit si Jesus ang nagsabi nito. "Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, gayon din ang magaganap sa pagdating — sa pagparito ng Anak ng tao."

70 Ngayon. pansinin n'yo. Sa mga araw kung kailan ang Anak ng tao ay naihahayag na, kapag ang Anak ng tao ay naihahayag sa Kaniyang iglesia, gaya ng kay Abraham ... Diyos Siya; patuloy Siya sa pagpanaog, pinagtibay ang tipan, nakilala niya kung sino Siya, at napalitan ang pangalan niya. Pansinin n'yo, napalitan iyon bago Siya umakyat sa burol upang pagmasdan ang Sodoma, bago dumating ang ipinangakong anak.

Sinabi ni Jesus na ang larawang ito rin . . . Ang binasa ni Jesus ay ang Biblia ring ito na binabasa ko at binabasa ninyo. Kung gusto ninyong malaman kung ano iyon, balikan ninyo at tingnan n'yo kung ano'ng ginagawa nila sa



ibabaw ng batong ito ay itatavo Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban dito," ang kapahayagan, o ang pagkakakilanlan ni Jesus Cristo. Ang sabi niya, "Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong paniwalaan."

39 Ngayon, magpatuloy tayo sa ating paglalakbay. Makikita natin Siya; ngayon ay dumako tayo sa kabanatang 17. Makikita natin Siya rito sa ikalabingpitong kabanata, kung saan ay nagpakita Siya kay Abraham pagkatapos ng pagpapatunay na ito, ipinakikita Niya kung ano'ng gagawin Niya.

At ngayon, alalahanin n'yo, ang Espiritu ay lumulukob sa . . . At ang Espiritung nasa Iglesia, ang tunay na Iglesia, ang totoong Iglesia, ang Iglesia ng Diyos, ang bayan ng Diyos: ang Espiritung nasa kanila ay nasa . Ang Espiritung nakay Cristo na may pangakong, "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo."

40 Alalahanin ninyo, na minsan, nang ipako Siya sa krus, bago mangyari iyon; tinalukbungan nila ang mukha Niya ng isang basahan at pinalo nila Siya sa ulo ng lubid, ang sabi, "Ngayon, kung ikaw nga ang Anak ng Diyos . Kung ika'y – ika'y isang propeta, iyan ang sabi nila sa akin. Manghula ka, propeta." Pinagpasa-pasahan nila ang baston. "Sabihin mo sa amin kung sino ang pumalo sa iyo." Nakikita mo ba ang demonyong iyon?

Kita n'yo, ang sabi niya, "Nauunawaan kong isa kang dakilang manggagawa ng mga himala. Gawin mong tinapay ang mga batong ito. Ipakita Mo sa aking kaya mong gawin iyan. Ma – ma – maniniwala ako sa Iyo kung magagawa Mo iyan. Gawin Mong tinapay ang mga batong ito. Maniniwala ako sa Iyo kung magagawa Mo."

41 May lalaking nagsabi sa akin hindi pa katagalan, ang sabi, "Kung makapagpapakita ka ng isang taong gumaling na, na may kasulatang galing sa duktor . . ."

Ang sabi ko, "Oh, habag, naman, tumahimik ka. Parang awa mo na."

Ang sabi ko, "Ma — makapagdadala ako ng daan-daang duktor."

"May inilalaan akong isang libong dolyar sa iyo kung makapagdadala ka." At dinala ko nga ang mga duktor pati na ang mga kaso.

Ang sabi, "Ang pera ay nasa . . ."

Ang sabi ko, "Nais kong kunin ang pera para magamit sa pagmimisyon." At ang sabi niya . . . "Magsugo ako ng taong naniniwala sa Ebanghelyo sa ibayong dagat."

Ang sabi niya, "Buweno, kukuha ako ng batang babae, at sasaksi ako at ang mga kapatiran ko, at susugatan namin ang kamay niya. Pagkatapos ay pagalingin mo sa harap namin, at paniniwalaan ka namin."

Ang sabi ko, "Ang kailangan mo ay kagalingan rig pag-iisip." Ganiyan nga, isang lalaking lubos na nalulukuban ng Diablo.

Siya rin ang may sabi, "Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos . . . kung magagawa mong bumaba sa krus," Oh, samantalang ang Biblia mismo ang nagsasabing kailangan Niyang mabayubay sa krus.

Ang sabi ni Caifas, "Iniligtas Niya ang ibang tao, hindi Niya kayang iligtas ang Sarili Niya," hindi niya nalalamang iyon marahil ang pinakadakilang papuring naipangusap tungkol sa Kaniya. Kung iniligtas Niya ang Sarili Niya, hindi Niya maililigtas ang iba. Kailangan Niyang ialay ang Kaniyang….?...

Tiyak namang alam Niya kung sino ang pumalo sa Kaniya, ngunit hindi Siya nakikipagbiruan sa diablo. Hindi payaso ang Diyos. Hindi Siya nakikipagbiruan sa diablo. Ang mga gawa Niya ay isinugo para sa mga nagsisisampalataya, hindi para makipaglokohan.

42 Pansinin n'yo. Nagpakita Siya sa kaniya rito nang siya ay siyamnapu't siyam na taong gulang na, at nagpakita Siya sa kaniya sa ngalan ng Diyos na Makapangyarihan sa Lahat. Ang pangalang ginamit sa salitang Hebreo ay El Shaddai.

Ngayon, ang Diyos ay may pitong iba't-ibang pangalang mapanubos. Alam natin iyan. At hindi mo maaaring paghiwalayin ang mga ito sa isa'tisa. Alam natin iyan. At hindi mo maaaring ihiwalay ang mga ito kay Cristo. Hindi mo maaaring paghiwalayin ang mga ito. Natupad kay Cristo ang bawat isa sa mga mapanubos na Pangalang iyon. Naniniwala ba kayo? Siya . . . Naniniwala ba kayo na Siya si Jehovah-j ireh, ang nakahandang hair ng Panginoon? Kung gayon ay paano naman ang Jehovah-rapha, pinagagaling ng Panginoon ang lahat ng inyong mga karamdaman? Kung hindi iyan maaaring ilakip kay Cristo ay hindi Siya Jehovah-j ireh. Kaya't hindi mo maaaring paghiwalayin. Ang kabuuan nito ay magkakakabit, at hayan na nga. Hindi Siya maaaring maging Jehovah-rapha nang hindi siya nagiging Jehovah-j ireh, hindi rin naman Siya maaaring maging Jehova-j ireh nang hindi Siya nagiging Jehovah-rapha. Nasugatan Siya dahil sa ating mga pagsalangsang; sa Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo. Walang pagtatalo tungkoL diyan .

43 Ngayon, makikita natin dito na nagpakita Siya sa Pangalang El Shaddai, ang Makapangyarihan sa Lahat. Ang Ang totoo, ang salita, ang salitang Hebreo na "shad." s-h-a-d (ang banggit ng iba rito ay shade), ang ibig



elemento ito. Pinagsama-samaNiya ang mga iyon, at saka Niya hiningahan, at naglakad Siya sa ibabaw ng lupa. Lubos akong nagagalak at gayon Siyang uri ng ama. Bagama't sirain ng uod ang katawang ito, gayon ma'y tatawagin Niya kayo. Ipinangako Niyang gagawin Niya iyon. Siya si Elohim.

Dumakot Siyang muli, ang sabi, "Halika rito, Woodworm," o kung sinuman iyon - ang mga Anghel, at . . . "Manaog ka, at pumunta tayo roon at tingnan natin ang Sodoma at tingnan natin kung ano'ng nangyayari."

64 At si Abraham, pagkatapos ng kapahayagan, nakita niya iyon, at alam niyang mayroong isang Diyos. At nakita niya iyon at ang sabi niya, "Panginoon Ko, dumaan Ka muna. Maupo Ka. Hayaan mong hugasan kita ng paa." Ngayon, hindi niya sinabi kailan man, "lord." At masdan n'yo, na - nakasulat ito sa malaking titik. Alam iyan ng lahat. Mayroon akong "Emphatic Diaglott." Kita n'yo? Ito'y malaking titik na L-O-R-D: LORD, Elohim, yaong Isang nakasasapat sa lahat. Aniya, "Sasalok ako ng kaunting tubig, at huhugasan ko ang paa Mo, at bibigyan kita ng kapirasong tinapay; pagkatapos ay humayo Ka na.-

65 Masasabi kong masyado na akong ginagabi rito. Makabubuting magmadali ako. Na - nais kong dumako rito at hindi ko alam kung magagawa ko o hindi. Pagpasensiyahan lang ninyo ako nang kaunti pang panahon, maaari ba?

66 Pansinin n'yo, si Elohim, Yaong nakasasapat sa lahat, ang Diyos. At ang sabi Niya . . . Masdan n'yo kung ano'ng ginawa Niya. Ngayon, ang dalawa sa kanila ay nagsimulang - panay ang tingin nila sa - sa gawing Sodoma. At ang sabi Niya, "Ililingid Ko ba ang lihim na ito kay Abraham?" Wala Siyang anumang gagawin malibang ihayag muna Niya sa Kaniyang mga lingkod na propeta. Kita n'yo? Ipinaaalam Niya sa kanila. At ang sabi Niya, "Hindi ko ito ililihim, yamang siya'y - siya'y pinagpala ng Diyos. At mamanahin niya ang lupa, at iba pa. Ang binhi niya ay magiging ..." Sa ibang sal ita, magiging ama siya ng maraming bansa. "Hindi Ko ito ililihim sa kaniya. Ipaaalam Ko ito sa kaniya." Kaya't ang sabi Niya - sinimulan Niyang ihayag sa kaniya.

67 At ang sabi Niya, "Abraham (hindi Abram), Abraham, nasaan ang iyong asawang si S-a-r-a-h?" Paano Niyang nalaman iyon? Aba, nung sinundang araw lang ay Abram pa siya. Isa o dalawang araw bago iyon, at Sarai pa siya noon. At ngayon ay Sarah na siya at siya naman ay Abraham. Ang sabi, "Abraham, nasaan ang iyong asawang si Sarah?"

Ang sabi ni Abraham, "Nasa loob siya ng kubol sa lyong likuran."

Ang sabi Niya, "Dadalawin Kita ayon sa oras ng buhay, at ang anak na ipinangako ay malapit nang dumating sa tagpo. Mapapasayo siya."

Gayon man, siya'y . . . Si Pastor Lot ay — marahil ay mayroon siyang isang mainam na munting kongregasyon doon. Anuman ang ginawa niya, ayon sa Biblia, ang kasamaan at mga kasalanan ng kapanahunang iyon ay pumighati sa kaniy ang, matuwid na kaluluwa. Kaya, marahil ay gayon siya noon, tulad ng maraming makabagong Lot ng araw na ito. Ngunit alam niyang hindi siya maaaring magsalita ng anuman laban dito. Kaya nga, pansinin n'yo, naroon siya.

62 Ngunit si Abraham. matapos Siyang maihayag sa kaniya: si Elohim, na noon pa nakikipag-usap sa kaniya, ngayon ay nakaupo siya sa silong ng puno ng encina, at heto nga't dumarating ang tatlong Lalaki, naglalakad parang mga tao. Masdan n'yo ang naging epekto ng kapahayagan kung sino ang Diyos, kay Abraham, kung, ano ang nagawa nito sa kaniya. Matapos pal itan ang pangalan nip a mula sa Abram ay naging Abraham iyon, nakakita siya ng tatlong, Lalaking dumarating. At tinawag niya ang tatlong, lisa, "Aking Panginoon": Iisa silang tatlo.

Hindi gayon ang nangyari kay numero sais, kay Lot, dalawa ang nakita niyang dumarating. at ang sabi niya, "Mga panginoon ko."

Ang pangitain at kapahayagan ni Abraham ay nagpakita sa kaniya na Siya yaong Isang nakasasapat sa lahat, na si Elohim. Ganito rin ang tatanggapin ng kaniyang binhi.

Pansinin n'yo kung paano niyang hinayag ang sarili Niya, kung paano Niyang ipinakilala ang Sarili Niya, tama man siya o mali. Pansinin n'yo, sa tunay na sumasampalataya, kung ano'ng tanda ang ginawa Niya, kung ano'ng ginawa Niya, ang nangyari upang maipaalam Niya sa kaniya na iyon nga si Elohim. Ngayon, aniya, "Panginoon Ko." Ito'y malaking titik na L-O-R-D. Sinumang iskolar ay nakaaalam na si Elohim iyon, yaong Isang nakasasapat sa lahat, Elohim.

63 May lalaking nagsabi sa akin minsan, "Hindi ka naniniwalang Diyos iyon?"

Ang sabi ko, "Naniniwala ako. Sinabi ni Abraham na Diyos iyon. Nakipag-usap siya sa Kaniya; alam niya iyon." Siyanga.

"Oh," aniya, "ibig mong, sab ih in ay Diyos ang nakatayo roon, kumakain ng karne ng baka, at — at umiinom ng gatas ng baka, at kumakain ng tinapay na yari sa mais, o anuman ang tawag n'yo rito?"

Ang sabi ko, "Ginawa nga Niya iyon." Aba, hindi mo lang talaga kilala ang Diyos natin." Aba, naku, magagawa Niyang . . . Aba, iniunat lang Niya ang kamay Niya . . . Yari ang katawan natin sa labing-anim na elemento: petroleum at cosmic light, at potash, at calcium at iba pa, labing anim na



sabihin ng "shad" ay "dibdib, parang dibdib ng babae." At nagpakita Siya sa kaniya sa Pangalang. El Shaddai, na sa maramihan, ay nangangahulugang may dibdib. "Ako ang Diyos na may dibdib. Abraham (siyamnapu't siyam na taong gulang na siya), lumakad ka sa Aking. harapan. Magpakasakdal ka. Sampalatayanan mo ang Aking Salita. manatili Rang sumasamapalataya. Nangako Ako noong ika-y pitumpu't limang gulang pa lamang. Heto't dalawampu't apat na taon na ang, nakalilipas mula nang mangako Ako sa iyo."

At ano'ng kaaliwan sana para sa isang matandang lalaking siyamnapu't

siyam na taong gulang na, at wala nang lahat ang kaniyang lakas, at dito ay nakatayo ang Diyos sa kaniyang harapan at ang sabi, "Ako si El Shaddai. Ako ang Diyos na may dibdib. (Amen.) Kumuha ka ng lakas sa Akin. Ako ang iyong kalakasan." Gaya ng — gaya ng Bago at Lumang Tipan: Diyos na may dibdib. "Ako ang Diyos na may dibdib. Kumuha ka ng kalakasan sa Akin."

Tulad ng isang sanggol kung siya'y maysakit, nagluluko, maysakit, mahina, humuhilig ito sa dibdib ng ina at sumususo ito upang makakuhang muli ng lakas sa ina. Sa ibang pananalita, "Abraham, mistula kang isang sanggol sa Akin, siyamnapu't siyam na taong gulang. Parang kailan lang." Ang buhay niya . . . A lalahan in lang ninyo, parang kahapon lang nang ipako sa krus si Jesus Cristo. Ang isang libong taon sa ibabaw ng lupa — sa lupa ay isang araw lang sa Diyos. Kita n'yo, gaya nang parang kahapon lang Siya ipinako sa krus .. .

44 At pansinin n'yo, "Ako si El Shaddai. Ikaw naman ang munting mahinang sanggol. Ngunit hum il ig ka sa Aking dibdib, sa Aking Pangako, at susuhin mo ang kalakasan mula sa Akin. Ako ang Manlilikhang naglagay sa itaas ng kalangitan pati na ang lupa, na siya ring naglagay ng mga bituin doon sa kalawakan. Mayroon bang napakadakilang gawain para sa Diyos? Ako si El Shaddai, at ikaw ay Aking anak, bagama't mahina ka, at hinahayaan Kitang magkaganiyan para malaman Ko kung ano'ng gagawin mo. Gagawa Ako ng halimbawa para sa mga taong mabubuhay na kasunod mo, upang sampalatayanan ng mga tao ang Aking Salita. Pan in idigan Ko iyon anuman ang mangyari, gaano man katagal, gagawin Ko iyon. Paninindigan Ko." El Shaddai . . . "Kumuha ka ng lakas sa Akin."

45 "Oh," sasabihin mo, "Kung magagawa ko lang na sumampalataya . . ." Siya pa rin si El Shaddai. Siya pa rin ang Diyos na may dibdib: Bago at Lumang Tipan. Kumuha lang kayo ng lakas mula rito, anumang bagay ang kailanganin ninyo. Ang bata, wala siyang magawa. Kailangan niyang kumuha ng lakas sa kaniyang ina. Lyon lang ang tanging paraan upang makakuha siya ng lakas. lyan lang ang tanging paraan upang makakuha ng lakas ang isang

mananampalataya ay ang hugutin iyon mula sa Salita ng Diyos. Iyon ang kaniyang kalakasan, ang mga pangako ng Diyos sa kaniya. Manindigan at sampalatayanan ito.

as At hindi lamang ikinakatawan dito ang munting sanggol kung ito'y maysakit at nag-aalburoto, maaaring ilagay iyon ng ina sa ka — kaniyang dibdib at magsisimula itong sumuso at muling lumakas, nasisiyahan ito habang sumususo. Gan iyan ang tunay na anak ng Diyos. Kahit ano pa ang sabihin ng mga mapag-alinlangan, anuman ang paniwala niya, kung tunay mo itong sinasampalatayanan, hindi maaaring magsinungaling si Jesus. Nasisiyahan ka na ito'y naipahayag sa iyo. Nasa iyo ang pangako at walang maaaring pumigil dito. "Sa ibabaw ng batong ito ay iatatayo Ko ang Aking iglesia," (kita n'yo?) ang hayag na espirituwal na Salita ng katotohanan.

46 Habang naghihintay, namamahinga ka sa iyong pananampalataya, kunin mo ang pangako ng Diyos. "Sumasampalataya ako sa Iyo, Panginoon. Nangako Kang ipagkakaloob Mo sa akin ang bautismo ng Espiritu Santo. Namamahinga ako sa Iyon2 . At ang pananampalataya, ang taglay kong pananampalataya sa Iyo. Kinukuha ko ito mula sa aking sibol — para sa aking kalusugan, mula sa sibol, ang Salita." Ngayon, hindi sa tinapay lamang dapat mabuhay ang tao, ngunit mula sa sinapupunan ng Diyos ay dapat siyang sumuso ng kalakasan. Bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos, makatatanggap siya ng kalakasan habang siya'y — lumalabas ito sa bibig ng Diyos, ang, Salita.

47 Katulad ni Abraham. namamahinga si Abraham. Ngayon, bata pa siya'y asawa na niya si Sarah. Kinakapatid niya siya. At kinasama niya siya at pinakasalan niya siya. At siya — nagkaroon na siya . . . Baog siya. Wala siyang naging anak.. At narito siya ngayon, siya ngayon ay . . . At kung siya ay siyamnapu. amnapu't siyam na taong gulang na, siya naman ay walumpu't siyam na taon na: walumpu't siyam na taong gulang na. Ngunit, "Abraham. mamahinga ka sa pananampalataya sa Aking Salita. Ipinangako Ko sa iyong. tutuparin Ko ito. Ako si El Shaddai. Ako ang Diyos na may dibdib para sa Aking mga anak na nagsisisampalataya." Kung ayaw mong sumuso, buweno. kung gay on ay hayaan — huwag ka na lang magsasalita pa. Kita mo? Ngunit kung ikaw ay anak, sumususo ka, namamahinga, sa bawat pangako.

48 Pansinin n'yo, ang tunay na pananampalataya ay nakasalig sa Bato ng pangako ng Salita ng. Diyos. Hindi ito nagbabago ng kalagayan. Ang tunay na pananampalataya nakaangkla, tulad ng Hilagang Tala kung maliligaw ka. Ang Hilagang Tala ay ay posteng batayan ng bawat kapitan ng barko. Itinuturo siya ng kompas tanging sa hilagang tala. At ang Diyos, ang Salita, ay ang Hilagang Tala ng bawat Cristiano, kung maliligaw ka. At ang Espiritu Santo ang



"Wala namang kahulugan ang mga numero." Kung gayon ay hindi ninyo alam ang talabilangan ng Biblia. Tiyak na magkakamali nga kayo. Tiyak nga. Nasasakdal ang Diyos sa tatluhan, sinasamba Siya sa pituhan, at limampuan, at apatnapuan, at ang jubileo ay limampuan. Oh, anuman ang naisin n'yong Ang kabuuan ng — ang Biblia ay kumikilos sa matematika.

Pansinin, ang ikaanim ay mensaherong susuguin sa sanlibutan. At pansinin n'yo, ang ikapito ay numero ng Diyos. At pansinin n'yo, sa oras na ito ng pagpapakita ng pagpapahayag ng Anak, kung kailan ang — maihahayag ito, ang Anak, nakilala na nila ang Kaniyang Pangalan, kilala na nila kung sino Siya. Siya ang El Shaddai, ang Diyos na Makapangyarihan sa Lahat, si Elohim. Ngunit ngayon ay humantong na tayo sa oras ng ipinangakong Anak, sa paghahayag Niya ng Sarili Niya. Ang anak, si Isaac mismo na nauna nang naipangako ay handa nang dumating sa tagpo. At hindi niya iyon magawa hangga't hindi Niya pinapalitan ang pangalan niya ng Abraham, mula sa dating Abram, sapagkat siya ang ama ng mga bansa.

60 Pansinin n'yo, "ham," h-a-m, ama. ama ng mga bansa. Tingnan n'yo kung gaano iyan akmang-akma sa Malakias 4: panunumbalikin ang pananampalataya sa mga ama, ang binhi ni Abraham ay maibabalik sa uri ng pananampalatayang dating nasa amang Abraham, ang kaniyang makaharing binhi. Ang Malakias 4, para ito matupad, ay kailangang maibalik ang pananampalatayang dating naroon sa pasimula, isasauli iyon sa makaharing binhi ni Abraham.

Isa itong pangako. Ito nga ang pangako. Ang makaharing binhi ay maihahayag, at sa — sa pamamagitan ng . . . Ang makaharing binhi, na siyang makaharing binhi ni Cristo ... Si Cristo ang makaharing binhing iyon. At ang Binhi ay ang Espiritu Santong nasa puso ng mga taong sumasampalataya sa Diyos. na nananangan sa Kaniyang Sal ita, at ang Diyos ay kumukilos sa pamamagitan nila, dala ang iisang mensahe. "Kaunti pang panahon at hindi na ako makikita ng sanlibutan; gayon man ay makikita n'yo Ako. Ako'y sasainyo, at mananahan Ako sa inyo, at ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Kita n'yo, ipinahahayag ito sa dito sa mga huling araw, kung paano ito dapat maganap.

61 Masdan n'yo ang ika-1 8 kabanata ngayon. Pagkatapos na pagkatapos ng pagpapalit ng pangalan, nagpakita ang Diyos upang ihayag Niya ang Sarili sa laman. Matapos maipaalam ang Pangalan, kung Sino Siya, nagpakita ang Diyos sa laman. Si Abraham, isang mainit na araw, isang Iinggo o buwan lamang bago sunugin ang Sodoma, at bago lumabas si Isaac sa tagpo... At pansinin n'yo, nakaupo si Abraham doon sa silong ng puno ng encina. At naroon naman si Lot sa Sodoma, nasisiyahan sa mga kalayawan ng sanlibutan.

niyang Siya si Elohim, ang nag-iisang Diyos. Nang mangyari iyon, doonNiya binago ang pangalan niya.

Ang sabi Niya, "Ngayon, Abraham, hindi ka na tatawaging Abram, kundi Abraham, sapagkat ginawa na kitang ama ng mga bansa: Abraham." Ngayon, nasa tama na siyang kondisyon ngayon. Nakakundisyon na siya. Matapos mahayag kung sino Siya, nakakundisyon na siya upang makita ang pagkakahayag ng anak. Handa nang dumating ang anak, at maipahayag.

57 Oh, mga anak ni Abraham, pansinin n'yo. Pinalitan niya ang pangalan ng mensahero sa oras ng akas. sa gulang na siyamnapu't siyam, isang taon na lang ang natitira. At binago Niya ang pangalan niya na dating Abram tungo sa Abraham: binago ang pangalan niya, dinagdagan ng "h-am," na ang kahulugan ay "ama." Siya ay magiging isang ama, ama ng isang pangako, ama ng pangako.

Oh, kung mayroon kayong espirituwal na pang-unawa, makinig kayo. Matapos ang kapahayagan ng Kaniyang Pangalan, kung sino Siya, binago Niya ang pangalan niya. Ngayon, matapos tumama ang kapahayagan sa lupa . . . Walang maraming diyos. Iisa lang ang Diyos. Ngayon ay oras na para sa kapahayagan ng Anak na naipangakong ipahahayag sa makaharing binhi ng pangako ni Abraham.

58 Tingnar. n'yo. Pinalitan niya iyon mula kay Wesley, Baptist, Presbyterian, Pentecostal. Hindi ko alam kung dapat sabihin ito o hindi. Hindi n'yo kailangang paniwalaan ito. Ngunit sana ay patawarin ninyo ako, ngunit hindi ko gustong saktan kayo. Ngunit masdan n'yo. Wala pang lumilitaw na mensahero sa mga iglesia ng — ng Diyos, sa kabuuan ng kasaysayan ng panahon, hindi pa nagkaroon ng isang lider mula pa noong panahon ng repormasyon, na gaya ng lider na nasa atin ngayon: si Billy Graham. Tama, pagkat nalibot na niya ang buong mundo. Kita n'yo?

At pansinin n'yo. Hindi pa tayo nagkaroon ng lalaki, ng isang reformer ...Nariyan si Sankey, Moody, Finney, Calvin, Knox, sinuman iyon, si Wesley, si Luther, wala pang lumilitaw na ang pangalan ay nagwawakas sa h-a-m. Ang tanging mensaherong dumating sa atin sa kabuuan ng mga kapanahunan ng iglesia na ang pangalan nagwawakas sa h-a-m: G-r-a-h-a-m. Graham. At ang Graham ay anim na titik, at ang anim ay numero ng tao, ang araw ng tao. Ang tao ay nilikha sa Genesis 1:26, sa ikaanim na araw. Ngunit pito ang numero ng Diyos. Sa ikapitong araw namahinga ang Diyos, hindi sa ikaanim, nagpapakitang ang G-r-a-h-a-m na ito ay sa iglesiang nasa sanlibutan.

59 Ngunit ang A-b-r-a-h-a-m, Abraham, ay pitong titik. Sasabihin mo,



nagtuturo sa iyo roon. Hindi ka nito ituturo sa iba. Ang lahat ng ibang ismo at iba pa, at — at kasama na rin dito ang Cristianismo, anuman iyon, para itong mundo na pabagu-bago ng posisyon. Binababago nito ang mga bituing iyon. Ngunit hindi nito maaaring baguhin ang posisyon ng Hilagang Tala. At hindi rin maaaring baguhin ng anumang bagay ang Salita ng Diyos. Umangkla kayo Rito. Manatili kayo Rito.

Ngayon, ang tunay na pananampalataya ay hindi nababago ng mga kredo, at ng mga aral na gawa ng tao, at ng di pananampalataya. Nananatili ito sa Salita: ang tunay na pananampalataya. At saan pa nga ba ninyo maaaring isalig ang pananampalataya ninyo maliban sa Salita? Kung sinabi ng Diyos, makaaasa kayo rito; totoo iyan. Hindi ito pabagu-bago. Sumususo ito sa Aklat ng Diyos na may dibdib, ang Biblia, ang — ang Kaniyang mga katangian, ang Kaniyang mga naipangako. Ang naipangako Niya, iyon ang Kaniyang Salita. Ipinamamalas ng Salita ang Sarili Nito. Kai langang maging kaisipan muna iyon bago maging Salita, saka pa lang magiging Salita; at ang Salita ay nahahayag. At doon nagmumula ang iyong kalakasan, sa pagsampalataya gaya ng Siya ang Manlilikhang lumikha ng mundo.

49 Noon ay sinabi ng Bagong Tipan, "Kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa isang, kailangan ding maitaas ang Anak ng tao." Iyon din ang layunin, ano nga ba iyon? Pinag-alinlanganan nila ang Diyos, at pumasok ang karamdaman at suliranin. At itinaas niya ang ahas para ano? Para sa kanilang kagalingan at para sa kanilang kapatawaran. Lyon ang naging . . . At ang kinakatawan ng tanso ay kahatulan ng Diyos. At si Jesus ang serpenteng iyon na nahatulan na, ano pa nga ba. Ang tanso 9

50 Ngayon, matapos Niyang pagtibayin ang tipan, o nang maipamalas sa kaniya ang tipan, nagbibigay ito ng pananampalataya sa mga tunay na anak ng Diyos. Ang Salita ay nagbibigay ng pananampalataya, yaong Isang may dibdib. May — may nagagaw,anQ kung ano sa kanila kapag ang — ang Sal ita — kapag ang tipan ay naipapamalas: nagbibigay ito ng pananampalataya sa mga tunay na anak ng Diyos.

51 Ngayon, alam natin — nauunawaan natin na dito ay tinawag Siyang Elohim. Ang salitang ginamit sa satin dito ay may kahulugang Elohim; tiningnan ko pa lang ito kanina, para makatiyak ako: Elohim. At ang "Elohim" ay "Yaong Isang nakasasapat sa lahat." Siya si El Shaddai, Elohim, ang Diyos na may dibdib, yaong isang nakasasapat sa lahat. Wala Siyang anumang kailangan kanino man. Siya ang kasapatan ninyo sa lahat ng bagay.

52 Pansin in, ganito rin ang ipinatototoo rito. Napansin ko kaninang hapon habang nag-aaral ako ng Aklat ni Job: Si Job, tumawag din siya kay

Elohim. At kinutya nila si Job, pinagtawanan. Paanong — larawan ito ng araw na ito. Ngunit namamahinga si Job sa pangako ni Elohim, "Kahit pa sirain ng uod ng laman ang katawang ito, gayon man ay makikita ko sa aking laman ang Diyos, na makikita ko para sa aking sarili," namamahinga kay Elohim, kahit ano pa ang mangyari.

Dumating ang asawa niya, ang sabi, "Kahabag-habag ang h itsura mo, Job." At nagsidating din ang mga mang-aaliw niya. "Hayan, nakita mo na kung ano'ng nangyari sa iyo, kaibigan. Sinabi ko na sa iyo noon pa na mali ka." Nakikita ba ninyo kung ano'ng nangyari? Maraming tao ang gustong naninisod ng kapuwa ni la. Si Job ang pinakamahusay na lalaki sa kaniyang panahon. Ang pinakamahusay na lalaki ng Diyos sa ibabaw ng lupa sa pagkakataong iyon ay si Job. Sinabi Niya kay Satanas, "Wala siyang katulad. (Amen.) Napagtuunan mo na ba siya ng pansin?"

Ang sabi ni Satanas, "Oo. Masarap kasi ang buhay niya. Gibain mo ang bakod mo sa paligid niya at hayaan mong subukin ko siya. Ipasusumpa kita sa kaniya." Ginawa na niya ang abot sa makakaya niya ngunit hindi siya nagtagumpay. Namamahinga kasi si Job sa pangako.

53 Nagdaan ang mga lalaking iyon at ang sabi, "Ngayon, ngayon, nasaan na ngayon ang Diyos na sinasabi mo? Ah-ha. Tingnan mo kung anong iyong ... Ang paniwala mo ay ganito Siya . . . Tingnan mo. Tingnan mo kung ano'ng nangyayari ngayon."

Ngunit nakasandig pa rin siya kay El Shaddai, kahit pa nga nagpuputukan na ang mga pigsa niya, at halos ay pumanaw na ang buhay niya. Nakaupo siya sa tambak ng abo, kinakayod ang kaniyang mga pigsa. Ang sabi ng asawa niya, "Ikaw . . . Ba't di mo na lang sumpain ang Diyos at nang mamatay ka na?"

Ang sabi niya, "Para kang babaeng hangal kung mangusap. (Ay, naku.) Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nag-aalis. Purihin ang Pangalan ng Panginoon. Nagtitiwala ako kay Elohim. Kahit pa sirain Niya ang katawang ito, at ubusin ito ng uod ng balat, gayon man ay makikita ko ang Diyos sa aking laman, na aking makikita para sa aking sarili. Makikita Siya ng aking mga mata at hindi ng iba."

Nagbangon Siya sa Mateo 27 nang magbangon ang mga banal, lumabas Siya at pumasok Siya, saan nga ba — napaka — pumasok Siya sa bayan: katipong-katipo ng araw na ito, naghihintay pa rin. nagtitiwala sa pangako.

54 Pansinin n'yo, matapos Niyang magpakita sa Pangalang ito, ang Pangalan ng Diyos na Makapang) arihan sa Lahat . . . Ngayon, iglesia, maaaring kumuha tayo ng munting aral dito, maaaring medyo nakapipilipit ito sa inyo. Kung hindi ka maniniwala, nasa iyo na iyon. Tayo'y naririto lamang . . . Sasalitain ko kung ano ang nasa isip ko. May karapatan kang mag-isip kung ano'ng gusto mong isipin.



Ngunit pansinin n'yo . . . Ngunit ang lahat ng mga bagay na ito ay mga tipo, mga anino, at mga halimbawa, dahil sinabi ng Biblia na gayon nga ang mga ito. Nariyang lahat ng iyan. At ganito ang paraan ng pakikitungo ng Diyos kay Abraham sa kaniyang paglalakbay, kagayang kagaya ng magiging pakikitungo Niya sa makaharing binhi ni Abraham sa paglalakbay nito.

Pansinin, ganito rin ang pakikitungong ginagawa Niya sa mga Judio. Nagsimulang lahat iyon doon sa pangako ng tipan: lahat ng mga bansa, lahat ng mga lahi.

55 Pansinin n'yo, pagkatapos ng pagpapakita sa Pangalan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at ipinahayag sa kaniya na Siya ang Isangnakasasapat sa lahat Wala Siyang mga katulong; Hindi siya nangailangan ng — ng mga kalihim. Siya ang nag-iisang Diyos. Kita n'yo? Siya ang Diyos na nag-iisa. At nagpakita Siya kay Abraham sa pangalang ito. At habang nagpapakita Siya kay Abraham sa Pangalang ito, at nakilala ni Abraham kung sino Siya, binago Niya ang pangalan ni Abraham. Ngayon ay umabot na siya sa kasukdulan ng paniniwala. Nakikita na ba ninyo kung saan na humantong ang iglesia? Umaasa akong nababasa ninyo ang pagitan ng mga linya. Humantong siya sa punto kung saan ay ipinahayag Niya sa kaniya kung sino Siya, at pagkatapos ay pinalitan Niya ang pangalan ni Abraham upang matupad ang. pangako.

Ngayon, sasabihin mo. wala namang ibig sabihin ang pangalan. Kung gayon ay bakit pa Niya pinalitang ang pangalan ni Abraham, mula sa Abram ay ginawa Niya itong Abraham? Bakit pa niya binago ang pangalan ni Jacob, mula sa dating Jacob, "Manunulot" ay pinalitan Niya iyon ng Israel, "pangulo ng Diyos"? Bakit Niya pinalitan ang pangalan ni Saulo ng Pablo? Tiyak nga, ang pangalan niya Tiyak na tiyak. Tiyak ngang may kahulugan ito: Tiyak nga. Kung hindi tama ang pagkakapangalan sa iyo, papalitan ito ng Diyos kung tinawag ka niya. Opo.

56 Pansinin n'yo, pinalitan Niya ang pangalan niya rito mula sa dating Abram ay naging Abraham, na ang kahulugan ay "ama ng mga bansa," idinagdag Niya ang h-a-m, Abraham. Kaya't ginawa Niya ito upang ang kumpletong pangako ay matupad, at ang anak ngayon, na matagal nang naipangako ay nakita na, o sa ibang salita ay naipahayag na. Nang baguhin Niya ang pangalan niya . . . At matapos niyang makilala kung sino Siya . . . Marahil siya ay — inakala niya marahil na marami sila. Ngunit napagkilala